Tulog mantika siya at hindi alintana ang matulis na tagos ng liwanag ng buwan sa dilim ng madaling araw, talong oras bago magbukang-liwayway, sintamis ng pulang muscovado ang melodyang kumakapit sa ihip ng hanging nagmumula sa romantikong sayaw ng mga ilang-ilang, nakahilera sa ibabaw ng harding may aesthetikong disenyo at tinitibok ang diwang katalonya sa magkabilang gilid ng kalyang kolonyal patungo sa Fort Del Pilar. Ang mga higitang puno ng mga balete, dire- diretso at pantay-pantay tulad ng mga organisadong pagkahilera ng mga punong oliva sa kaharian ng kastilya bago ang Reconquista, animo ay isang kurtinang ikinukubli ang madugong larawan ng kolonyalismo sa bawat sulok ng mga pader nito, sa lilim ng mga torre ay naroroon pa rin ang kaluluwa ng tagumpay laban sa mga piratang moro na laging dinudukot ang bawat pulgada ng katahimikan, subalit ay binigo ng mga kastilang konkistador ang mga pakay nilang buwagin ang kapayapaan sa loob ng Forte, ang kapangyarihan ng korona ng kolonyalistang Espanya sa lupain ng Mindanao. Ang mapuputing adobe, dati ay tulad ng mga matitibay na adobe ng Intramuros sa maynila ay nangingitim na sa mapanirang yakap ng mga halimaw na lumot, tila ay nadapuan ng nakakahawang sakit na Ebola, unti-unting nilalamon ang sibilisasyong katoliko na gantimpala ng mga dakilang konkistador.

Sa kabilang dako at salungat ng Fort Del Pilar ay naroroon ang mga akasyang sintanda na marahil ng kristiyanismong inukit ng mga klerikong Jesuita sa kamalayan ng mga katutubong Subanen ng Jambangan, sa kanlurang bahagi ay naroroon ang ' mala-Roman Forum' na plaza at may mga posteng 'corinthian', nakatayo sa bawat nakahilerang mga mahahabang upuan. ang makitid na daanan patungo sa banal na damabana ay nababanigan ng mga munting gravitang kulay ginto. Sa likod ng dambana ay naroroon ang higante at sagradong imahe ng 'Nuestra Senyora Del Pilar', ang pusod ng katolikong pananampalataya sa ' Ciudad de Zamboanga.'

Sa silangang bahagi ay naroroong ang hardin ng mga sampaguitang nag-uumpukan sa tapat mismo ng kuwarto ni Giovanni, ang mapanuksong halimyak ng mga ito ay dumadapo sa hugis aquilino at mediteranyong iling niya na lalong ibinabaon ang mahimbing niyang tulog, ipina-ubaya ang sarili na masakal ng dayuhang panaginip, sa mahiwagang mundo nito'y naninirahan ang mga

repleksyon ng mga mapapait at matatamis na riyalidad ng buhay, mistulang mga mosaikong larawan na nasa katedral ng buhay at kamatayan.

Mahina subalit ay walang pagod na gumagapang sa barikada ng panibagong kabanata ng kanyang panaginip hanggang sa dumadagundong na ang bawat atungal ng nakakabinging hilik, mistulang isang bulok na treng bumabiyahe sa ibabaw ng lumang riles patungong Bicol, sa kahabaan nito'y may mga aserong nawawala at napasakamay ng mga durugistang walang pinag- iba sa dating Pangulong tila ay nagdurusa sa matinding sakit na kliptomanya. Ang mga natitirang mga riles ay mistulang nagkakaroon ng Leprosy, balat ay nagkabitak-bitak, natitigang sa ilalim ng nagliliyab na init ng araw, lalong kumakapal ang kalawang, ilang dekada na yatang napapa-bayaan ng pamahalaang nagiging pugad ng mga legalistang magnanakaw, kulang isang piso na lang ang pamasahe at tiyak na sa sementeryo ka dadamputin.

Gianni Pansensoy

Lakbay

Halika nga muna binibini!

Sa aking mga braso'y kumapit kang maigi,
maglakbay tayo sa masalimuot na realidad, nakakabingi,
tuklasin natin ang hiwaga ng lansangang marumi
pero'y huwag kang kukurap baka ika'y madukutan dini.

Masdan mo si mang Pedro sa gilid ng estero,
dati'y nakibaka rin sa People's Power noong 1986,
nagtiwala sa pangakong kaunlaran at pagbabago,
hanggang ngayo'y barong-barong ang tinitirhan,
maralita at lagi pa ring ginugutom.

Ang masikip na eskinitang iya'y stambayan ng magandang si Milagrosa,
sa kadilima'y nakikipag-digma sa hanap-buhay,
nakipag-buno sa mga militar noong Edsa 2,
dala ang pulang bandila ng rebolusyon,
akala'y mapigilan ang kurapsyon,
subalit ay lalong tumindi at lumaganap pa ng lubusan,
hanggang ngayo'y lugmok pa rin siya sa kahirapan,
naka-lubog ang kaluluwa sa nakaka-baliw na kawalan,
napilitang lumipad ng mababa,
sa putik ng prostitusyo'y dumapo.

Kung mangyari lamang ay batakin mo ang iyong pantalon,
baka ika'y mabasa,
umapaw na naman ang tubig sa kanal,
huwag kang mahimatay sa nakakasukang baho nito,
dulot ng matinding pangungurakot sa kaban ng bayan,
mga imburnal ay nagkagiba-giba na.

Huminahon ka't magbuntong-hininga,
ito'y pagaalog-alog lamang,
hayaan mo,
kalsadang lubak-lubak,
sa iyong kamalayan ay mabubura din,
putok na putok sa mga balita,
tila'y bomba atomika,
pondo nito'y ginamit ng alkalde noong nakaraang eleksyon.

Oo nga pala,
isipan ko'y nakatisod ng isang ala-ala,
naitanong mo kanina,
iya'y burol ni aling Juana,
sa gitna ng lansangan ay bantog na tsismosa,
magaling magpa-away ng kapuwa,
kaya napaslang kanina.

Lumingon ka't mga mata'y buksan,
iya'y pansitan ni mang Chua,
tanyag na mangangalakal ng mga droga,
nagpupuslit ng mga pekeng gamot mula Tsina,
halimuyak niya'y abot hanggang sa palasyo ng Malakanyang,
malaking halaga ng salapi ang ibinibigay bilang pampadulas
sa mga buteteng pulitiko,
buong bayan ay inilalagay sa masaklap na sakuna.

Binibini,
tahan na sa pag-iiyak sa harap ng puntod ng kalupitan,
ito ay nakakamatay na bangungot,
balang araw ang mapapaslang ay ikaw,
manindigan at huwag gumapang,
bores mo'y taasan,
isigaw sa mga tengang bingi ang harapang
pandudugas,
pukawin ang bayang natutulog sa mahimbing na panlilinlang,
buksan ang mga matang nabubulag sa lason ng mga pangakong
napapako,
pagbabago ay makakamtan din.

Gianni Pansensoy

Larawan

sa isang lumang bintanang yari sa ipil-ipil,

nakadungaw,

balisa't katinua'y naiinip,

lulundag-lundag,

ang bawat hibla ng buhok:

Sumasayaw sa alinduyong ng hangin,

tanging kasama:

Dalawang tasang kapeng barako,

limang stick ng sigarilyong naa-abo,

binabasa ang luma't kupas na librong

'Hundred Years Of Solitude',

bawat pahina'y punit - punit na,

mga lamok na tila'y hindi nahihilo sa masangsang na amoy ng katol,

panay kagat sa aking binti,

kung ilang kandila na rin ang naupod,

sa banaag ng buwan,

buong magdamag,

pag-dating mo ay aking hinihintay.

Habang nginunguya ang bubot na bunga ng bayabas,

katawa'y nanginginig,

hindi dahil sa mala-yelong hampas ng hangin,
kung hindi ay dahil sa puso kong nag-iisa,
nagmumuni-muni,
sana'y napagmasdan mo ang larawang iginuhit ng emosyon
kong umi-ibig ng tunay,
kung iyong masuri,
hawak kamay,
tayong dalawa'y dinuduyan ng bahag-hari,
sa likuran nati'y nag-aasul na tubig ng talon,
mga gintong tutubing nakapatong sa mga perlas,
at mga berdeng bulaklak.
Maigi'y iyong tingnan,
bawat pigura'y inukit ng silakbo ng aking pag-ibig,
mga galaw ng brutsa'y may bahid ng nagbabaga kong damdamin,
at ang tinta'y lumalapot sa tindi ng aking pagmamahal sa iyo.

Gianni Pansensoy

Leap Of Mankind

After the storm's bloodiest assault,
nothing is left but broken homes,
obliterated souls and shattered dreams,
but beyond agonies and miseries,
for the first time,
through our turbulent evolution,
contradictions are thrown out,
cooperation defeated competition,
humanity unites as one people to sympathize,
nations at war stand together to feed the hungry victims of the typhoon,
a turning point in our human history,
the greatest leap of mankind,
it's a miracle,
the rainbow of Tacloban City is a clear message,
love will always prevail over hatred,
that's beautiful.

Gianni Pansensoy

Let The River Run Wild

Sweet pretty girls!
Don't dry your eyes with tears,
let them fill the void and dead river,
till it will flow again wider,
swim on it naked and wilder.

Hallucinate, forget to ponder so bad,
mitigate yet fonder, never be sad,
watch those fishes' bones on the stones,
catch them with baits of stinging drones.

Climb the steepest peaks of the hills,
beyond, listen to the boats of paddled wheels,
but they're vanishing through imagination's heels.

What have they done to the river?
it's a dried cadaver, decaying in man's destructive character.

Stop the dam's construction! Let the river run wild.

Gianni Pansensoy

Letter From The Victims Of Yolanda

Dear Auntie Sonia,
My Dearest Auntie Sonia,

How has life been treating you? I hope that you are living a good and peaceful life with you beloved enjoy every second of your life with them is the priceless gift and the best part of our days on earth.

My beloved auntie Sonia, please do not lose your senses whenever you read the painful content of this word expressed on it is written by the saddest emotion that still bleeds with tears of agony of losing my loved ones, home and municipality.

They said that the wind could only be felt but could never be the storm unleashed her wrath, I saw the color of the strongest wind that I have not seen in my entire life: Death.

She blew cars, heavy-loaded trucks, pay-loaders and roofs of houses like falling leaves from the dying was a violent giant running in ing a heavy hammer, pounding every structure along her way and destroying them into dusty more deadlier than her hammer were the waves higher than a 10 footer electrical post that literally wiped our municipality of Guiuan out from the unfortunate souls were washed into the sea like pieces of broken the devastation of the storm, hundreds of cadavers were scattered everywhere and some were piled like timbers in an illegal air that was once perfumed with the fragrance of sea breeze, now; Suffocated with the harsh smell of the decaying flesh.

Life has always taught us a lesson to learn in a most painful way. It is best to invest our emotion more on love for the family and fellowmen than to invest in desired material objects that could easily be taken away in a minute.

During the storm surge, as far as I remember, when the flood arrived into our doorstep, it rose so fast and submerged the first floor of our home immediately. I ran hysterically downstairs to take mama Julia up: Your favorite the flood was torrential, it swept her easily away while her head was bleeding, battered by floating debris. I swam as fast as I could to save her from death but the water's current separated as 15 meters apart in a split a very exhausted voice, she still managed to reprimand me of letting her go even if I did not want ordered to save my life and my little sister's life instead and her left palm bade the bitterest goodbye that I have never felt ever since. I could not do anything

but to cry in vain while watching her drowning slowly and die in a saddest I went upstairs, my younger sister was lying dead, a piece of heavy metal flown by the fiercest wind was still on her tiny pretty face. I did not want to see her dead, even when I wanted to deny it, she was really dead. I hugged her cold corpse and wept with agonizing pain that radiates in every part of my soul.

My dearest mama and my sweet little sister whom were my ever you are right now, with the tune of my eternal love for the both of you, I will strum the strings of this guitar till the rest of my life. I wish and I know you are listening up there, the melodies of my composition will still let your lips give the sweetest smile. I will always pray to the God of Israel, our merciful God to open the gate of heaven so wide for your angelic souls.

Super Typhoon Yolanda was not merely a storm but a living deluge with an anger of uncontrollable wrath against us and the whole of humanity. A divine retribution against our ingratitude and the chronic abuse of our environment that has been giving us God and his nature forgive and give us another chance to cure our insatiable greed that led and will always lead us all into absolute destruction.

Except for the thieves who are the bacteria in our government, much more deadlier than Bubonic Plague and Typhoon Yolanda, From the depth of our hearts, we give a million thanks to President Noy-Noy Aquino and the DILG secretary Mr. Mar Roxas for their unwavering help and support.

Who am I to say these words? I am just a poor and a struggling poet. In behalf of the Filipino people, forgive us American people for kicking your bases out were just carried away by our irrational nationalist fervor that reached the point of realized that in the times of our darkness and tragedy, you are always here to help you for the freedom you gave us and the democratic ideals you shared with us. We are very sorry for our past mistakes, lead us to rectify them.

To Israel, European countries and the rest of the world that have been helping you very very much!

My beloved Auntie Sonia, I wish that before I close my eyes and travel into another life, the whole of humanity will unite as one nation to combat climate change for the sake of the younger generation and mankind.

Respectfully Yours,

Gianni Pansensoy

Love In Bleeding Constipation

Between You and I,
What's going on?
torn stitches,
Girl!
Smiles of diabolical impression,
brutally appealing,
gestures of charismatic sweet melodies,
best described: very dangerous indeed,
on this brown wooden bed,
over the same bloated pillow we sleep madly in love,
within the blanket of velvet furs and moonshadow,
the night sky so dark,
seeing everything,
yet we feel miles apart inside.

Funny how it seems,
we have been longing for our warm embraces,
listening to the same jokes and new wave songs,
hanging beneath the music of pure love songs,
dissecting every quote of Milan Kundera,
contradicting the dialectical thoughts of marxism,
eating green mango and octopus that give us indigestion,
taking refuge under the heat of our long kisses and laughs,
turning the December chill into summer,
but deep in our hearts,
we are still perfect strangers with each other,
such a perfect combination.

I can see from the shadow of thought in your eyes,
it shelters me from harm,
you give everything,
mind, spirit and virginity,
but I crave for more,
grabbing even your soul,
Sorry!
An insatiable predator comes out of me,
it gives you so much pain,
bitter agony,
worse than a diabetic wound,

an atomic bomb in your brain,
putting our love in the cauldron of bleeding constipation.

Girl!

Beauty of classical seduction,
it turns man into the verge of insanity,
but if you just can read the poetry of my soul,
every letter of it says how I really love you,
its rhyme weaves a rope of soothing lyrics and notes,
to tie you forever beside,
only death can separate us,
that is the love I render for you.

Gianni Pansensoy

Love Me For What I Am

My jeans are tattered but quite clean,
wearing inexpensive clothes yet neat,
sometimes I forgot to see myself at the mirror,
just to spend an hour or more,
painting pictures of you,
every stroke of the brush expresses the depth of my love,
whispering on myself some of the time,
perhaps you can love me for what I am.

Every time you pass in front of my window,
too sleek of that dress you wear,
your skin glows white and pink again,
you just turn my life upside down,
and I spend my day again dreaming about you,
someday you will love me for what I am.

In the darkness of the night,
on the softness of the pillow,
I am still thinking about you,
till my eyes would close,
hoping that you are with me,
Will you love me for what I am?

Gianni Pansensoy

Lust

Lies the wicked
Love that veiled
Lust, thought nauseated
with the phlegm of sex,
within its ecstatic index,
withering libido on its apex.

Molten vagina squirts
Mundane collagen, sprays
morbid wet gelatin, suffocates
Everyone's sanity so fast,
Everyone's orgasm that won't last,
Everyone's love is buried by lust.

Gianni Pansensoy

Memory Of The Sirens

9 days before the flood torn October,
weeks after the bloody raid by hostile moros,
numbers of sickening sights of raped and murdered women
are fast subsiding,
ambulances' sirens and media exaggeration among
the fields of resistance are in total silence,
black crows and mice feast on the flesh of
the bloated cadavers along Sta. Barbara,
while the tidal water washes away the bones and sinews,
and the monsoon wind cleanses the fouled odor air
infested with rotten MNLF's propaganda,
such tragic scenes written with the ink of blood on the
pages of everyone's memory.

At last!

Everybody is free from the pandemonium of death,
gunpowder and violence,
this merciless war is nearly over,
but the wound it inflicted seems incurable,
its pain radiates worst than tooth ache,
the pus from it decapitates vision for unity,
like a cancer infected by a perpetual hatred.

Even then the corpse of the MNLF murderers
buried in a mass grave,
with them is a relentless aspiration worthless of dying for,
beliefs corrupted by distorted historical lies,
and they are just sodomized by one man's
political ambition,
yet the leaves of dead trees keep on falling,
slashed by the bullets of machine guns,
trauma still terrifies the spirits of individuals,
the city is besieged by terror,
and confusion reaches the point of dementia.

The ghost of war is deadlier than bullets,
memories disturbed by screams of little girls
killed beneath the fury of fire,
minds haunted perpetually by the helpless faces

of children dying in hunger,
and souls always trailed by the shadows of dead
mothers who left thousand of orphans.

Gianni Pansensoy

Mister Panopio

Hey mister Panopio,
you look admirable,
dignified inside your newly
acquired black meredes benz,
I still remember you riding a pedicab,
sometimes without a peso for a jeepney fare,
before your congressman's days then,
but there's a popular music sang on the streets,
Chinese rice smugglers bribed you with that car,
and you feel so cool,
numb of a painful consequence,
local products can't compete with those imported rice,
native farmers are now struggling to survive,
day by day,
they are dying.

Hey mister Panopio,
your eloquence seems impressive,
every word you speak is indeed persuasive,
but there is a concert performed around the corner,
it's filled with angst and truth,
they say that you've been stealing people's taxes,
your beautiful mansions everywhere are built from the
government's money,
in front of them are slum areas,
your people inside them are very hungry,
they live in the hell of poverty,
yet you pretend to be blind,
never had and will never have any compassion
for their plight,
but you feel so proud and glorified,
the best thief of the year.

Give me your best shot mister Panopio,
I heard yopu speaking for the poor men's interest,
but in contrary,
you bury them in extreme hunger,
and you can still sleep very well,
while they quiver in dilapidated homes,

for me,
you are the bitterest pill to swallow,
the nastiest beast,
and the real Mc Coy.

Gianni Pansensoy

My Forgotten Love

Forgotten love, rotten in a dark sepulcher,
Forsaken, trashed over the roaring river,
Formalined beneath the graveyard forever,
But the flame of fornicated sweet memories,
Burns and constantly reappears through memory's pages,
Bursts with intense desire for long french kisses.

Oh! Forgotten love, obliterated with magnetic
Oblivion, this swollen heart pumps lunatic
Obscene pain, stolen obscure memories of tragic
Separation, the love of mine bleeds hemorrhagic
Sentimental tears, ceaseless, soul turns frantic,
Secluded in scorching solitude, life becomes seismic.

Gianni Pansensoy

My Novel

I

GUHIT

' Kung ang umibig ay tulad ng isang tasang nakakalasong kape, handa ko itong lasapin at sa loob ng mahigpit mong yakap ay matitikman ko ang tamis ng aking kamatayan. Ang malagutan ng hininga na ang puso'y lumalangoy sa dagat ng walang hangganang pag-ibig ay higit na mas makabuluhan kaysa mabubuhay na ang puso'y tinatadtad ng itak ng matinding galit.'

Madamdaming bulong ni Alejandro de Maria sa pusong makamandag ni Catherina, pagmamahal na ginagapos sa bilangguan nagbabaga sa init ng ipinag-babawal nilang pag-iibigan, maingat nilang ikinukubli sa mga paningin ng mga koserbatibong mga paring Jesuita, matibay man ang pundasyon ng kanilang pag-mamahalan ngunit ang bukal ng kanilang puso'y may bahid ng matinding takot sapagkat kung ito'y matutunugan, mapaparusahan sila ng ' compulsory expulsion' mula sa Universidad del Ateneo de Zamboanga, magiging wakas ng wagas nilang pagmamahalan na nilalabag ang batas ng sagradong simbahang Katolika. Lingid sa kaalaman ng mga pari'y una niyang inalay ang birhen niyang pagka-babae sa paring kanyang minamahal sa loob mismo ng kuwartong pangkumpisalan. sulok nito'y saksi sa kauna-unahan nilang karansan ng makamundong orgasmo.

Mahinahon ngunit ay mainit niyang hinagkan ang kulay brunette na buhok ng dalgitang may suot na kulay puti't azul na uniporme na lalong pinatingkad ang kutis niyang espanyolang chavacana. Bagaman at kinse anyos pa lamang siya't dalagang-dalaga na ang anyo ng pangangatawan, para bagang inukit ng batikang eskultor na tulad ni Michaelangelo ng renacimiento ang kanyang mala-diyosang alindog. Sa wari ng isang anghel ng kadilimaa'y matagumpay niyang nahikayat na magkasala ang isang sugo ng diyos upang talikuran ang banal na obligasyon sa simbahan. Para kay Father Alejandro ay natagpuan niya ang lupalop ng kapayapaan at look ng kamatayan sa piling ni Catherina.

Ang tanging tugon naman ni Catherina sa mapag-mahal na yakap ng pari ay isang mahaba't mapupusok na mga halik sa mga namumulang mga labi, mga puso nila'y patuloy sa pagdurugo sa tuhog ng palaso ni Cupido, ikot ng kanilang mundo'y binabaliktad at marahas na dinudukot ang katinuan sa pusod ng isipan.

Bahagyang umaambon, tila mga butil ng agua benditang tumutulo sa nag-hihinagpis na langit, unti- unting hinuhugasan ang makasalanan nilang

pagmamahalan. Ang mga paa nila'y naka-apak sa paraiso ng mga munting dahon ng ipil-ipil, dinuduyan ang kanilang mga katawan sa lubid ng bahag-hari, sa dulo nito ay matuling naglalakbay ang mundo nila at sa isang iglaplang ay biglang naglaho at naging isang kabanata sa mala collage na panaginip ni Giovanni Santorino.

Tulog mantika siya at hindi alintana ang matulis na tagos ng liwanag ng buwan sa dilim ng madaling araw, talong oras bago magbukang-liwayway, sintamis ng pulang muscovado ang melodyang kumakapit sa ihip ng hanging nagmumula sa romantikong sayaw ng mga ilang-ilang, nakahilera sa ibabaw ng harding may aesthetikong disenyo at tinitibok ang diwang katalonya sa magkabilang gilid ng kalyang kolonyal patungo sa Fort Del Pilar. Ang mga higanteng puno ng mga balete, dire- diretso at pantay-pantay tulad ng mga organisadong pagkahilera ng mga punong oliva sa kaharian ng kastilya bago ang Reconquista, animo ay isang kurtinang ikinukubli ang madugong larawan ng kolonyalismo sa bawat sulok ng mga pader nito, sa lilim ng mga torre ay naroroon pa rin ang kaluluwa ng tagumpay laban sa mga piratang moro na laging dinudukot ang bawat pulgada ng katahimikan, subalit ay binigo ng mga kastilang konkistador ang mga pakay nilang buwagin ang kapayapaan sa loob ng Forte, ang kapangyarihan ng korona ng kolonyalistang Espanya sa lupain ng Mindanao. Ang mapuputing adobe, dati ay tulad ng mga matitibay na adobe ng Intramuros sa maynila ay nangingitim na sa mapanirang yakap ng mga halimaw na lumot, tila ay nadapuan ng nakakahawang sakit na Ebola, unti-unting nilalamon ang sibilisasyong katoliko na gantimpala ng mga dakilang konkistador.

Sa kabilang dako at salungat ng Fort Del Pilar ay naroroon ang mga akasyang sintanda na marahil ng kristiyanismong inukit ng mga klerikong Jesuita sa kamalayan ng mga katutubong Subanen ng Jambangan, sa kanlurang bahagi ay naroroon ang 'mala-Roman Forum' na plaza at may mga posteng 'corinthian', nakatayo sa bawat nakahilerang mga mahahabang upuan. ang makitid na daanan patungo sa banal na damabana ay nababanigan ng mga munting gravitang kulay ginto. Sa likod ng dambana ay naroroon ang higante at sagradong imahe ng 'Nuestra Senyora Del Pilar', ang pusod ng katolikong pananampalataya sa 'Ciudad de Zamboanga.'

Sa silangang bahagi ay naroroong ang hardin ng mga sampaguitang nag-uumpukan sa tapat mismo ng kuwarto ni Giovanni, ang mapanuksong halimyak ng mga ito ay dumadapo sa hugis aquilino at mediteranyong ilong niya na lalong ibinabaon ang mahimbing niyang tulog, ipina-ubaya ang sarili na masakal ng dayuhang panaginip, sa mahiwagang mundo nito'y naninirahan ang mga repleksyon ng mga mapapait at matatamis na riyalidad ng buhay, mistulang mga mosaikong larawan na nasa katedral ng buhay at kamatayan.

Mahina subalit ay walang pagod na gumagapang sa barikada ng panibagong kabanata ng kanyang panaginip hanggang sa dumadagundong na ang bawat

atungal ng nakakabinging hilik, mistulang isang bulok na treng bumabiyahe sa ibabaw ng lumang riles patungong Bicol, sa kahabaan nito'y may mga aserong nawawala at napasakamay ng mga durugistang walang pinag- iba sa dating Pangulong tila ay nagdurusa sa matinding sakit na kliptomanya. Ang mga natitirang mga riles ay mistulang nagkakaroon ng Leprosy, balat ay nagkabitak-bitak, natitigang sa ilalim ng nagliliyab na init ng araw, lalong kumakapal ang kalawang, ilang dekada na yatang napapa-bayaan ng pamahalaang nagiging pugad ng mga legalistang magnanakaw, kulang isang piso na lang ang pamasahe at tiyak na sa sementeryo ka dadamputin.

Sa kabilang silid tulugan kung saan nag-aagawan ng hininga ang dilim at ng liwanag ay naroroon si Antonio, ang bunsong kapatid ng ama ni Givanni, tila ay pinag -kaitan ng kalayaang magkaroon ng tulog, kung ilang beses na niyang ibinaliktad ang katawan sa kama at kay hirap mahagilap ang daliri ng antok, mistulang nakapag-langhap siya ng kung ilang gramo ng Methamphetamine, kaluluwa niya ay nag-dedeliriyo sa guni-guni, sa pinaka-maliit na alintana ay nag-aaklas ang kanyang kamalayan.

'Hindi naman yata akong lubos na makasalanan! '

Pabagot na bulong ng kanyang emosyong nadadapa sa lupalop ng schizophrenia, hinahagilap ng hininga ang simpleng katarungan laban sa parusang ipinataw, tila isang napakalupit na kalbaryong higit pang mas masaklap kaysa garote ng mga berdugong komyunista, isinubsub ang ulo sa malambot na unan, pilit ipinikit ang mga matang nais na ring magpahinga sa pakikibaka sa ibabaw ng mundo at sa bandang huli ang lahat ng pinag- hirapan ay nanakwain lang ng isang anghel ng kamatayan, subalit bukas ang mga tengang nabibingi sa lulamalakas at naka-iiritang hampas ng hilik ni Giovanni sa mala-harminkang musika ng hangin, para bagang isang napaka-lakas ng tugtog ng bandang 'Megadeth.' Lalong kumulo ang dugo ng sumagi sa kanyang isipang naglalaro sa matinik na mundo ng cynicismo, inihalintulad ang nakakabuwiset na hilik sa anti-rhythmikong kanta ni Yoyoy Villame, napaka gulo ng tono, tila ipinaghahagis ng kerubin ang bawat nota sa mainit na palayok, samantalang nawawala sa makapal na kogonan ang G-Clef na mistulang nagsasaya na rin sa kinaroroonan kaysa mailagay sa komposisyon ng musikero, doon ay magkaroon ito ng amnesia at malilitong malaman ang kaibahan ng Tenor sa Soprano, mas higit na pipiliin pa marahil ni Mozart ang magpaka-tiwakal kung saka- sakaling marinig ito, lulubha yata ang depresyon ni Van Gogh kapag aksidenteng sasalpok ang nota sa tenga niya.

' Buhay nga naman! Kung kailan nais mong magpahinga ay saka namng guguluhin ang iyong katahimikan! '

Sumbat niya sa hanging wasak-wasak na ang harmonya ng bawat melodya, saby

hampas ng kamay sa noo, pilit inilalakbay ang isipan sa ilalim ng imahinasyon, subalit ay biglang natisod ng ala-ala ang isang palabas sa telebisyon sa kasagsagan ng ' Snap Election' noong 1986. Naging sarkastiko ang ngiwi ng kanyang labi ng maala-ala ang kanta ni Mrs. Imelda Marcos na 'Dahil sa iyo', napakabakyang propagandang pampulitikal para sa mga nauutong mga botante. Boses niya ay tila nakaka-patay ng mga daga at magkaka-roon yata ng sorpresang cardiac arrest si Luciano Pavarotti.

Naibsan ang pagkainis ng biglang huminto na paghilik si Giovanni, inikot ang mga paningin at natisod ang isang sining pintura na pinamagatang 'Gahasa', likha ni Catherina Beatriz de Figueroa. Ngunit sa kasammang palad ay biglang naglaho ang dalagita, ayon sa mga haka-haka ay dinukot umano ng mga bandidong Abu-Sayyaf at ipinag-bili sa mga mayayamang mga muslim sa Malaysia. Dahil sa kanyang misteryosong pagkawala ng kanyan pinakamamahal na unica-hija ay nawalan ng ganang patakbuhan ni Don Miguel Gabrielle ang Hacienda Figueroa hanggang sa tuluyan bumagsak at ipinagbili ang lahat ng ari-arian kasama na ang Mansion de la Familia Figueroa, mahiwagang banga at ang librong 'Kuwaderno ng tadhana', milyon din ang halaga sapagkat makabuluhan ito sa kasaysayan ng Ciudad de Zamboanga at ng buong bansa.

II Ukit

A: Kamandag
Noviembre 18,1630
Sevilla, Espanya

Panaka-naka na lang ang gumagala sa makitid na kalsadang yari sa tisa at nasa tapat mismo ng aming terraza, sa bawat giwang ng mga tisa ay naroroon pa rin ang multo ng madugong pakikibaka ng mga kristiyanong kastila laban sa mga Muslim sa kasagsagan ng Reconquista, nasundan pa ng karumal-dumal na krimen ng Inquisition, halos araw- araw ay may mga sinusunog sa harap ng mga mapanuligsang madla at mga mapanghusgang pari. Karamihan sa mga nabibiktima ay yaong mga pinag-hinalaang heretiko, mga mangkukulam, mga bampira na kampon ng prinsipeng kadiliman at higit sa lahat ay ang mga kalaban ng banal na Iglesia katolika; kritiko ma't mga repormista.

Madalang na rin ang dalaw ng aking masugid na manliligaw - Ginoong Juan Miguel de Figueroa- Dominante ang pigura ng hitsura at brutal ang tayog ng mga pangarap mula sa bilugang mga mata, tipikal para sa isang tubong Granada. Sa loob ng labing-apat na taong panliligaw, ang ikot ng kanyang mga paningin ay walang anino ng pagsusuko kahit pa man ay kung ilang beses ko siyang binigo, patunay lamang na siya ay isang kastilang may mataas na dignidad, sagisag ng kaluluwang Iberiano [Ang kamatayan ay mas marangal kaysa pagsuko]. Mahigit labing-apat na beses ko na ring isinara ang aking pintuan sa pinaka-matamis niyang paanyaya, sukdulang pangarap ng mga kababaihan sa balat ng Sevilla, ang pakasalan ako sa sagradong dambana ng Kathedral de Santa Maria de la Sede.

Haka- haka sa bawat sulok ng mga kalye at mga tahanan, maging sa mga prominenteng panauhin sa Alcazar de Sevilla, ' Isang napakalaking kabaliwan ang biguin ang seryosong paanyaya ng isang Ginoong nagmula pa sa dakilang angkan ng mga konkistador.' Sumbat ng isang matandang- binatang si Senyor Aniceto Barrameda, nagkakape sa kanyang berranda sa tabi ng aming tahanan, pinagmamasdan na naman ako, habang sinasampay ang mga nalabhang damit kanina, siya ay yaong tipo ng kapit-bahay na ni sa napakadilim na bahagi ng panaginip ay ayaw mong makita, bukod sa napakahaba ng ilong ay napaka-manyakis pa. Minsan na itong nagkasala sa akin at di ko malimot-limot: Hahuli ko siyang binobosohan ako habang naliligo ng hubo at hubad, sinasabon ng aking mga kamay ang aking laman, pagkatapos kong maligo at magbihis, agad ko siyang pinuntahan, matapang na binalaan, ' Sa susunod na mahuli kitang binobosohan ako, tiyak ay sa garote ka ng mga pari magkukumpisal! ' Bigkas ko, damdamin ko ay nag-aapoy sa matinding galit habang hawak ko ang patalim na yari sa tanso. Kitang-kita kong nangangatog ang kanyang mga tuhod at ang mga mata ay nasisindak.

Aaminin ko, guwapong -guwapo si Juan Miguel de Figueroa, may pilak pa, bukambibig ng mga dalaga, maskulado niyang katawan ay laging laman ng mapupusok na mga imahinasyon, habam-buhay na bilanggo sa mga panaginip ng mga balong laging sabik sa mga maiinit na haplos. Mababaw raw ang sisid ng aking isipan, bigla kong isinara ang katok ng isang oportunidad na ang halaga ay higit pa sa isang baul na mga ginto. marahil ay dahil sa aking matibay na paniniwala at paninindigan, karangalan ko ay hindi nabibili ng ginto, puso ko ay hindi naa-akit ng mala adonis na pagmumukha, higit na mas mahalaga ay ang buong AKO; Kusa kong iginapos sa obligasyon at responsibilidad para sa aking lolang nag-aruga sa akin at ni ayaw kong mawalay sa kanya sapagkat ay mahal na mahal ko siya ng higit pa sa kahit sino man sa balat ng lupa.

Ang mas masaklap na biro ng buhay ay tuwing tinutukso ako ng aking pinakamatalik na kaibigan, 'Ako raw ay isang babaeng umiibig sa babae rin!' isang nakakapikong biro, bukod sa ito ay isang mortal na kasalanang nilalabag ang doktrinang katolika ay isa rin itong kapansanan mula sa dumi ni Lucifer. Sa aking kapanahunan, ang kaparusahan nito ay kamatayan sa naglalagablab na apoy ng Inquisition, bigla ay nagtindigan ang aking mga balahibo, ibig ko mang magalit ay pilit ko siyang nginitian. Siya na lang ang natitiran kong kaibigan, iisa lamang ang kalsada ng aming kapalarang gumagapang sa matinik na kalye. Siya rin ang nag-iisang nilalang sa aming bayan na ang turin ko ay higit pa sa isang kapatid - Elena Theresa Torrecillas - Pareho ang antas namin sa lipunang kastila, ang kaibahan nga lamang ay mas kapuri-puri ang kanyang angking kagandahan, buhok niya ay nagmimistulang ginto kapag lumulubog na ang araw ng Andalucia, mga mata niya ay kulay azul, titig ng mga ito ay nakakatuhog ng mga kaluluwang natutulog sa kama ng pang-aakit. Tulad ko, hanggang ngayon ay wala rin siyang naging kasintahan dahil sobra itong metikulosa, sa wari ko ay nana-naginip ito ng napaka-impossible, ang magkaroon ng esposong nagmumula sa mga angkang may dugong bughaw.

Ang kabiguan ay hindi naging isang hadlang para kay Juan Miguel de Figueroa, bagkus ay naging isang uri ito ng pakikibaka, mas umigting pa at lalong uminit ang kanyang pakikitungo at nararamdaman sa akin, marahil ay dahil sa aking katibayan kaya siya ay lubusang naakit at nahulog sa bitag ng pag-ibig na hindi niya matatakan. Subalit ay batid ko ang kanyang tunay na hangarin - Ang magtagumpay na mabihag ang aking puso at igagapos niya sa kulungang walang hangganang pagmamahalan- Tulad rin siya ng mga ibang kastilang kabalyerong nabubuhay sa ibabaw ng mundo, kilala ko ang bawat titik na nakaukit sa kanyang kaluluwa, walang ibang inaasam-asam kung hindi ay tagumpay at tagumpay lamang.

Animo ay isang titik gamma sa alpabetikong griyego ang hugis ng aming tahanan. Ang likurang bahagi ay ang paa ng titik, nakabalibag ngunit sa bandang dulo ay prominenteng nakatayo ang bilugang torre, walong metro ang taas at limang metro ang luwang, mula sa tuktok ay matatanaw ang mapayapang daloy ng tubig sa ilog ng Guadalquivir tungo sa mahiwagang karagatan ng atlantik, direktso sa pintuang magbubukas ng masalimuot na landas ng makabagong kasaysayan ng Europa at ng buong mundo. Ang harapang bahagi naman ay ang katawan ng titik, mayroon itong makitid ngunit ay mahabang terraza, sa apat na sulok, salungat sa isa at isa ay may mga muebleng hugis baso na pinagpapatungan ng mga kandilang yari mismo sa Sevilla dahil ang aming bayan ay tanyag sa mga kandilang matagal maupod at mababango. Sa kaliwang sulok nito ay eleganteng nakaposisyon ang isang lamesa at may dalawang upuan, may

mga nakakamanghang ukit - Pikit matang nagdadasal si San Pablo, lumuluhod sa harap ng hagdanan patungong langit- Ilang dipa lang ang layo mula sa lamesa ay ang pintuang pumapagitna sa dalawang malalaking bintanang hugis kuwadrado ngunit ang ibabawng mga ito ay nakahigis arko.

Ang dingding ay yari sa makapal na adobeng may kakaibang taglay, malabnaw na kulay azul ito tuing tanghaling tapat at nagiging kulay abo kapag papalubog na ang araw ng dapit-hapon, mas makinis ang balat nito sa loob ng aming tahanan kaysa balat nito sa labas, may kataasan ito mula sa shig hanggang sa bubungan para sa maginhawang bentilasyon at proteksyon din laban sa matinding init at sobrang lamig. Mala salamin sa kintab ang sahig na yari sa mga mubleng may iba at ibang hugis, hiyang sa klima ng katimugang Espanya.

Ang isa sa mga kuwarto kung saan ako isinilang ay ginawa ko itong imbakan ng mga regalo na aking masugid na manliligaw, paborito ko sa lahat ay ang mga makukulay na mga seda, iniligpit ko sa loob ng antigon aparador, isa sa mga istante ay naroroon pa rin ang aking pinatuyong pusod, mabisang gamot raw laban sa 'BUBONIC PLAGUE' na halos ay burahin sa buong mundo ang lahing Europeyo. May mga gara-garapang rekados rin tulad ng mga bawang, luya at mga paminta na dala niya galing sa India at sa malayong Asya. ' Bakit ang halaga ng mga ito ay tulad ng ginto? ' Tanong ko sa aking isipan, bukod sa maanghang ay mapapanghi pa ang mga amoy ng mga rekados na ito. Dahil sa mga rekados na ito, ang mga anghel na mga kastila ay nagiging demonyo, nagiging mamamatay tao dahil sa pagiging ganid sa karangyaan ng silangang Asya, tila mga nalalason ng matinding kabaliwan, sa dulo ng kanilang mga espada - Sa ngalan ng Espanya at ng kristiyanismo - Ay maraming bansa ang napaluha ng dugo, maraming buhay ang kinitil, ibinuwis at kikitilin at ibubuwis pa. Sa kabilang sulok ng aking muni-muni, dakila ang sino mang nagbuwis ng buhay para sa panginoon, bayani ang mga yaong nag-alay ng buhay para sa sibilisasyong kastila, ngunit ay tunay na hangal ang mga yaong nag-buwis ng buhay para sa kasakiman ng Korona ng mga hari ng Espanya.

Umaligawngaw ang ihip ng hangin, muling kumalembang ang malaking kampana sa torre ng La Giralda, kulay krema at inukitan ng mga kataka-takang hugis ng mga bulaklak - Salamat sa sibilisasyong Saracen na malaki rin ang nai-ambag sa silbilisasyong Kastila - Nasundan pa ng nakakabinging ' torotot ' ng mga trumpeta sa hanay ng mga magigiting na kabalyerong nagma-martsa mula sa ' Casa de contratacion', mismong sa gusaling ito ay nagsisimula ang despotiko ngunit ay epektibong pamamahala ni Haring Philip III, mula Iberia hanggang sa pinakamalayang kolonya ng Espanya. Taong 1630 noong Noviembre 18, bandang

dapit-hapon, nagkagulo ang buong bayan ng Sevilla, nagsilabasan ang mga tao sa kanilang mga kabahayan, nagsisigawan tila ay tumitili, sinabayan pa ng mga malalakas na mga pagsabog mula sa mga kanyon, biglang gumapang sa aking dibdib ang nakakatindig balahibong takot, isa lang a pumasok sa aking isipan: Sinugod na naman ng mga Muslim ang bayan ng Espanya, brutal na papatayin ang mga inosenteng mga mamamayan, walang habag na hahalayin ang mga mahihinang kababaihan, susunugin ang mga banal na mga Iglesia Katolika at nanakawing ang mga ginto sa kahit kanino man, ito na marahil ang hudyat na babagsak na a ng sibilisasyong Kastila. Bigla akong napaluhod at napadasal sa banal na imahe ni Birhen Maria, pagkatapos ng maimtim na pagdarasal ay lumikas ako sa ibabaw ng aming torre, . Laking gulat ko, salungat sa aking akala, ang buong Sevilla ay nagsasaya at nagdiriwang upang salubungin ang paparating na Galleon mula sa paglalakbay sa Silangang Indies, ibig sabihin ay dagdag na karangyaan para sa aming bansa at karangalan para sa aming sibilisasyon.

' Galleon! '

Mahina kong bigkas ngunit ako ay napaluha ng matanaw ang layag, mga dakilang konkistador, mga magigiting na mga amang lumikha ng emperyong Kastila na ang kapalit ay kanilang mga buhay.

Nag-aagaw dilim na at unti-unting hinahatak ng lumulubog na araw ang namumulang sinag, naghahalo sa kulimlim ng kalangitan. Nagingislap na rin ang mga bituin, minsan ay naging gabay rin ng mga konkistador tungo sa ibayong kontinente ng bagong mundo, ang Amerika na isang paraiso para sa mga mangangalakal, nakakasukang libingan ng mga mandirigmang Kastila para sa pagpapalaganap ng banal na katagang ' PAG-IBIG' at ng Kristiyanismo.

Pinalitan ko ang mga kandila at sinindiha ang mga lampara, ang liwanag ay dahan-dahang bumalot sa boung terraza. Sa labas ng aming bakuran ay biglang dumating si Juan Miguel de Figueroa, alam ko, muli at muli siyang papanhik ng pormal na panliligaw kahit na kung ilang beses ng mapukpok ng martilyo ng kabiguan, muli ay pinahintulutan, hindi dahil sa nagustuhan ko ang uri ng kanyang determinasyon kung hindi ay dahil na rin sa aming tradisyon, isang kabastusan ang itaboy ang isang Ginoong may busilak na hangarin at isa rin itong verguenza para sa Ginoong may katapatan sa salita at gawa.

Pinatuloy ko siya at naupo sa isa sa dalawang silya, ako ay naup at kaharap niya. Sa gitna ng mga matatamis na pangako, abot-kamay na mga pangarap ay may isa siyang kuwentong tila ay isang sakit na nakakahawa o isang lubid na kay hirap matakasan, ' Doon sa bandang silangan ay ordinaryong damit lamang ng mga magsasaka ang mga seda, ang mga malalaking perlas ay kuwintas lamang

ng mga musmos at ang mga ginto ay mga kasangkapan lamang sa kusina! Dito sa Espanay, ang mga ito ay sagisag ng karangyaan at kapangyarihan! ' Sa wari ko ang dulot ng sobrang kasakiman sa yaman ay ang ' BUBONIC PLAGUE' na ipinadala ng panginoon para ipa-alala sa mga nilalang na ang katumbas ng pagiging masiba ay kamatayan.

Bumabagsak na namn ang temperatura sa labas, bahagyang nanginginig ang aking mga buto, mula sa aking bintana ay matatanaw ang inadobeng kalye, wala na ring dumadaan maliban sa mga Guwardiya Sibil, mga taga-pagtanggol ng kapayapaan at katahimikan sa aming bayan. Sa kaliwang bahagi ng aming hardin, sa gilid ng kalye at tabi mismo ng matandang punuan ng naranja ay may isang bakal na poste, kinakabitan ng lamparang patuloy na dinuduyan ng malamig na hangin. Papasok na nga pala ang kapanahunan ng tag-lamig na nagdadala ng nginig sa aking balat, naninigas na din ang mga buto sa aking balakang. Isang oras at kalahati bago mag alas-onse ng hating gabi, kahit pa man ay kaakit-akit ang mabango at makapal kong kumot, kaaya-aya ang lambot ng higaan, pilit ko pa ring nilalabanan ang mapanuksong antok, maisulat lamang ang silakbo ng aking damdamin, mga kuwento ng aking abuela at kasaysayan ng aming pamilya sa ' Kuwaderno ng tadhana.' Sa bawat gabi ng aking buhay, simula noong tumuntong ako sa eda na 25, pagkatapos na hugasan ng maaligam-gam na tubig ang aking buong katawan, dideretso na ako sa aking kuwarto upang tangaying ng pani bago kong adiksyon, ang pagsusulat.

Tapos na rin naman kaming humigop ng Caldo de puchero, ang paboritong tradisyunal na hapunan ng aking abuela - Senyora Feliziana Salamanca de Castellano- Mga mata niya ay walang bakas ng masangsang na landas ng pakikibaka tungo sa mas marangyang pamumuhay, kuntento at masaya na rin siya sa kinaroroonan ng aming anatas sa lipunan, ang aming lipunan na sa kapanahunang ito ay nababaliw tila nasasaniban ng kamandag ng karangyaan. Maligaya akong namuhay sa lilim ng maluwag niyang batas, hindi ginapos ang buo kong pagkatao sa mentalidad ng pagiging konserbatibo, sa panahong ito ay hindoi konbensyonal na ugali ang pagiging Liberal. Ang guhit sa kanyang pagmumukha ay tila may ikinukubling kaluluwa, nagtatago sa kadiliman ng mga panaginip, animo ay isang bampirang natatakot masilayan ng sinag ng inquisition, ang kalabang hindi kailan man ay magagapi ng diktadura, ang kalayaan.

Kulay puting andalusyana ang balbunin niyang balat, may katamtaman ang tangos ng kanyang iling na nababagay sa manipis at hugis pusong mga labi, kung adhikaing Griyego ang pagbabatayan, tugma ang magandang hubog ng

kanyang pangangatawan, mga eternal niyang regalo sa akin na dadalhin ko at ng aking magiging mga angkan sa balat ng lupa, utang na loob ko sa kaniya ang aking pangalan - Maria Beatriz de castellano - Ibinigay niya at binasbasan ng banal na tubig sa loob ng sagradong Iglesia de Santa Ana. Inaruga niya ako ng mahaba at matamis na 29 na taon, maaga akong naulila ng aking ina, niligawan siya ng isang anghel ng dalamhating mayroong gantimpalang nakabalot sa itim na seda ng ' Small Pox', tatlong araw matapos na iluwal niya ako sa mundong naglalakbay sa pulbura ng digmaan.

' Hija, limang buwan bago ka isinilang, ang kaluluwa ng buong Espanya ay nakagapos sa bilangguan ng nakakalasong adhikain. Una ay nagis isang obligasyon ng bawat relihiyosong katoliko ang sumama sa isang makasaysayang ekspidisyon upang maitayo ang krus ng kristiyanismo sa lahat ng sulok ng buong daigdig, pangalawa ay isang dakilang misyon ang maitarak ang ' Superyor' na sibilisasyong kastila sa kamulatan ng mga katutubo, ang pangatlo ay ang kahindik-hindik na sanhi ng pagka-agnas ng moralidad ng mga sakim sa purgatoryo, hanggang ngayon ay nakatusta pa rin ang kanilang mga kaluluwa sa sulpuradong baga ng impiyerno, ang magkamkam ng maraming ginto sa karumal-dumal na pang-aalipin sa mga inosenteng katutubo.'

Mabagsik na mga kataga mula sa sarkastikong bibig ng aking abuela, isang cynikal na pananaw, sa madaling salita ay tutol siya sa marahas na pangongolonya ng Espanya sa ngalan ng dakilang misyon, krus at sibilisasyon, sa dulo ng kanilang mga espada ay ipinatutupad ang nais ng kanilang kabaliwang sanhi ng pagdanak ng malalapot na dugo.

Bagaman at nakabukas ang aking isipan na tumanggap ng kritikal na pananaw, kahit pa man ay sinasalungat ng mga ito ang aking konserbatibong punto de vista, pinilit ko paring tumango, angkunwaring sumasang-ayon, hindi tama ang makipagbangayan ng ideya sa mga nakakatanda Tinikom ang aking bunganga at nanahimik sa lilim ng Torre del Oro.

Inilatag ko ang petate sa ibabaw ng makapal na damuhan, sa ibabaw ay inilapag ko ang dala kong buslo, dinukot sa ibabaw ang dalawang pirasong tinapay na may palamang giniling na karneng baka at sibuyas. Sa mismong tabi ng ilog ng Guadalquivir kung saan ay naroroon ang upuang pumapagitna sa punuan ng Oliva at ng Palma, inabot ko sa aking abuela ang isang tinapay, sintayog ng isipan ang matulis na titig ng kanyang paningin, mukha ay may bakas ng matinding pag-dadalamhati.29 taon na ang nagdaan, hanggang ngayong ay nagluluksa pa rin siya mula ng sumama sa isang ekspidisyon ang kanyang unico-hijo, ang aking ama, isa ring biktima ng gumagalang kaisipan sa bawat sulok ng

mga kalsada sa buong bansa ng Espanya, ang ekspidisyon na tila ay isang berdugong may dalang latigo ng paghihinagpis, maraming ina sa aming bayan ang naging balo, mga anak na biglang naging ulila, hindi batid kung kailan babalik o kung makababalik pa ang lumisang asawa o ama at ang mga pagibig na iginapos sa mga pangakong walang katuparan, karamihan sa mga kaluluwa ay naa-agnas sa loob ng ataul na lumilitaw sa delubyo ng mga luha, dahil sa mga haka-haka - Doon sa kontinente ng Amerika, kapag naitarak ang krus ng kristiyanismo, iyong garantiya na magkakaroon ka ng puwang sa langit. Doon sa daigdig ng Amerika ay maari mong palitan ang ningning ng bituin ng iyong kapalaran, doon sa lupain ng bagong mundo ay posibleng maging Gobernador ang isang hamak na magsasaka- Marahil ang aking ama ay nais ring maging isang ganap na konkistador, pangalan niya mai-ukit sa kasaysayan, ang kahulugan ay immortalidad.

May halong kalungkutan ang bawat tibok ng kanyang puso, ramdam din sa balat na ang init nito ay dumadampi sa aking braso, malayo pa rin ang tagos ng kanyang paningin, katinuan ay naglalakbay sa pinakasulok ng tila ay walang katapusang karagatan ng Atlantik, isipan ay nagbubuklat hanggang matisod ang isang pahina ng ala-ala - Mainit siyang niyayakap ng aking ama, sorpresang may dalang rosas para sa ika-50 ng kanyang kaarawan, ' Ma, ikaw ang pinakamatamis na regalo ng langit sa akin, tuwing nawawalay ka sa aking tabi ay nangingisay sa lamig ang aking mga buto, buhay ko ay mistulang tuyong-tuyo, ang tanglaw sa aking paglalakbay sa madilim na pakikibaka sa ibabaw ng mundo, habang- buhay ko itong tatanawing isang dalisay na utang na loob.' Madamdaming bulong, ala-alang naging bangungot sa araw-araw na pagdadalamhati, nais mang ilibing sa limot ay kusa namang kakatok at gagambalain ang pintuan ng iyong kapayapaan.

' Tahan na lola, balang araw, marahil ay bukas, darating rin si ama, muli ay hahagilapin niya ang antok sa ibabaw ng iyong mga braso, matutulog sa alinduyong ng musika mula sa pintig ng iyong mga puso, sa kanyang panaginip ay mangangakong hindi na siya aalis pa, habam buhay nating pagsaluhan ang bawat pasko na may tamis ng kaligayahan.' Wika ko at pilit na inu-unawa ang kanyang kalagayang tila ay tinutusok ng karayom ng pighati ang bawat ugat sa puso. Sa loob ng mahabang taon ay wala siyang natanggap na balita o liham man lamang kung ano na ang nangyayari sa kanyang kaisa-isang anak, maliban sa mga panaginip, dinadalaw siy at noo ay hinahalik-halikan.

Agad ay niyakap ko siya ng mahigpit na mahigpit, may bakas ng pagmamalasakit ng napansin kong pumapatak na ang mapapait na mga luha, dumadaloy sa namumula niyang mga pisngi, pinipisil-pisil ko ang kanyang bewang, marahil sa ganitong paraan ay maibsan ang ang bigat na dala ng

kalooban, Ulo ko ay inihimlay sa kanayng balik, ikinubli ko ang namamasa at namumula kong mga mata, para sa akin, ang lumuha ay isang kahinaan ng loob at pag nalamang ako ay nagiging mahina ay pupunitin nito ang kanyang natitirang lakas ng loob at tuluyan ay mawawalan siya ng pag-asa, sa panahong ito, tanging pag-asa lamang ang natitira sa aming buhay, ang mamuhay na walang pag-asa ay tulad ng isang balahibong inaanod ng daluyong ng walang katuturan, patutunguhan ay walang halaga at iyan ay masaklap.

Ngunit ay naa-amoy ko ang mabangong hininga ng kanyang damdamin, may pag-asang lagi niyang hinihintay, ang pagbabalik ni ama, isa sa mga dahilan kung bakit ay ayw niyang ipikit ang kanyang mga mata at lisanin na ang mundong naglalakbay sa madugong digmaan ng mga katolikong kristiyano at mga repormistang kristiyano, girian ng mga prayle laban sa mga konkistador at labanan ng sarili laban sa sarili.

' Ssssshhhhhhh! ' Tanging paala-ala niya, nararamdaman ng kanyang sentido na na para bagang kinaawaan ko siya at iyan ay hindi niya nagugustuhan. Taas-noong ipinapakita niya sa buong bayan ng Sevilla - Sa loob ng 80 taong pamumuhay sa lupa, namumuti man ang mga buhok, subalit ay kitang-kita ang kagandahan ng kanyang katapangan - Ang totoong Senyora Feliziana Salamanca de Castellano, ang larawan ng katatagang naka-ukit na sa mga adobeng pader ng aqueduct.

ulo ko ay nakahimlay pa rin sa kanyang balik, na ang init sa aming mga ulirang damdamin ay uunawaan ang malulungkto na bulong ng matinding pangungulila, parang sinasakal ng isang diyablo ng pagpapasakit sa bawat pulgada n gaming katahimikan, patuloy ang pagdadalamhati sa nakakasukang bilangguan ng purgatoryo. Sa gitna ng sandaling ito, panandaliang ginhawa ay aking nadarama sa mga Ang mararahang pisil ng kanyang mga daliri sa aking batok, antok ay unti-unting bumabalot sa aking sentido. Dalubhasa si lola sa pag-uunawa ng kahulugan ng bawat nota sa puso at bawat hangarin ng aking galaw, kahit pa man ay nagkukunwari na ako ay walang nararamdamang kalungkutan, ngunit ang kawalan sa aking emosyon ay kanyang nararamdaman.

" Sana ay naririto ang iyong ama, sa kanyang mga tenga ay maibubulong ko man lamang kung gaano ako kaligaya mula ng dumating siya sa aking buhay! ' Mangiyak-ngiyak ang mahinang boses, sa loob ng libo-libong mga araw ay inaasam-asam pa rin niya ang isang " sana' na hanggang ngayon ay isa pa ring malaking "sana", nanatili akong walang imik sa gitna ng kanyang kalungkutan. Bagkus ay minamasdan ang namumulang ilog ng Guadalquivir sa ilalim ng dapit hapon kahit pa man ay naglalasang amargoso ang kagandahang iginuhit ng mga ulap sa telon ng langit. Katiwasayan ay ramdam sa batok, mula rito ay

dumadaloy ang mainit na haplos patungo sa pisnging hinahagod ng kanyang pagmamahal, tila daang libong malalambot na hibla ng bulak, tinatahi ang sugat ng nakaraan sa aking puso. Nakakabaliw na katahimikan ang namamagitan sa amin, isipan ko ay naglalakbay, nahugot ang isang ala-alang nagdulot ng aming pagdadalamhati sa tabi ng ilog na ang tubig ay nahahaluan ng aming mga luha. Ang kaluluwa sa bawat talata ng salaysay niya ay nagging makabuluhang bahagi ng " Kuwaderno ng tadhana."

B: Salaysay ni lola

Taong 1601

Sevilla, Espanya

Noong 1601, ang ginintuang yugto sa buhay ispiritwal ng banal na Iglesia Katolika, ang mga misyonaryo at ang mga prayle ay nagbuwis at magbubuwis pa ng buhay para sa kaharian ng Panginoon. Kahit pa man ay nawawalan ng halimuyak ang kaisipang Renacimiento, ngunit ang kontribusyon nito ay mananatili sa sibilisasyon ng buong sangkatauhan. Ito rin ang malagim na yugto kung kalian ang bawat kaharian ng Europa sy pilit na itinatago ang nakakadiring pagmumukha ng kolonyalismo sa likod ng nakakabighaning maskara ni San Pedro. Puspasang pinagsamantalahan ang nangingibabaw na paniniwala sa kaisipan ng mga katutubo (Superyor ang lahing mapuputi, mga diyos-diyosan at mga sugo ng tagapag-likha) ngunit, sila, hindi nalalaman na ang tunay na pakay ng mga kolonyalista ay kamkamin ang kanilang ginto, dudukutin ang masasaganang lupain at ang mga kaluluwa ay sapilitang aalipinin sa sariling bayan. Ang mga adhikain, mga pangarap at ang kanilang mga kinabukasan ay igagapos sa kadena ng kaisipang kolonyal.

" Sana ay mapapatawad sila ng kasaysayang hinubog at huhubugin pa ng kanilang kabaliwang itarak ang sibilisasyong Europeo sa kamulatan ng bawat nilalang sa buong daigdig! "

Kanyang dalangin, kung susuriing maigi ay nagkakaroon na ng pagsusuko ang mahinang boses mula sa kanyang bibig, sanhi marahil ng mga kontradiksyong naglalaro at nahahati ang isipan, pandirihan man ang kolonyalismo, subalit ay sadyang kay hirap mapigilan, agresibo at pursigido, kaluluwa nito ay ang mismong gagabay sa kasaysayan ng Europa at ng buong mundo.

Namama-alam na noon ang kapanahunan ng tag-init sa harap ng mga pintuan, ang malamig na hangin ay nagsimula ng umihip, tinatangay ang mga natutuyong dahon sa balat ng kalsada patungo sa daungan. Kalagitnaan na nga pala ng Oktubre, ang buwan ng paglalayag ni Kapitan Santiago Fuentes, tubong Cadiz. Lumabas siya sa maliit na kuwartong nasa pangalawang palapag. Marahil ay nasa kuwarenta o pataas ang edad, katamtaman ang laki ng katawan, halata

sa nasusunog na balat ang mahabang karanasan sa paglalayag, itinaas ang kaliwang kamay, sinuri ng palad ang direksyon at bilis ng ihip ng hangin.

“ Buksan ang mga bodega at ibaba na ang damyo! ”

Makapangyarihang utos ng kapitan sa mga tripulante ng Galleon, dumating na nga ang hindi malilimutang sandali na nagiging isa sa mga larawan sa kaluluwa aking abuela. Ang kaluluwang naiipit sa manipis na giwang ng komplikadong transisyon ng kaisipan, mula sa makatarungang kamatayan ng matamlay na kulturang Renacimiento patungo sa layag ng Galleon na dinuduyan sa bagong silang na kaisipang Merkantilismo.

“Kukulangin ang karga nating mga pagkain! ”

Dominanteng utos ni senyor Francisco Torquemada del Sanvictores sa mga tauhan niyang dagliang umalis patungo sa “Casa de Contratacion”, kumuha ng papeles para sa karagdagang pagkaing ikakarga kahit pa man ay halos mapupuno na ang talong bodega ng mga tinapang karne ng baka, mga tuyong isda, harina, gulay at mga prutas. Madali silang nakakuha ng pahintulot, ang mga nanunungkulan sa “Casa de Contratacion” ay nangingilabot sa reputasyon ng Senyor na may mataas na katungkulan sa Hari ng Espanya at madali rin itong magpataw ng parusang kamatayan kapag ang utos niya ay nasuway. Siya nag pinaka-importanteng pasahero ng Galleon, bukod sa Duke ito ng Lerma ay may administratibo rin itong kapangyarihang nakadikit sa kanyang apelyido at selyado ni Haring Philip III.

Sa gitna ng korte ng kaharian ay itinanim ng Duke ang buto ng mga intrigang nagdulot ng matinding girian sa hanay ng mga opisyal, naging sanhi ng krisis pang-ekonomiya sa Espanya, sa halip na atupagin nila ang suliranin ng bansa ay naubos ang oras nila sa pagkumpuni ng mga nasira nilang reputasyon dulot ng walang kabuluhang intriga. Sa gitna ng krisis, walang ibang mapagkatiwalaan ang hari kung hindi ay si Senyor Francisco, may sariling batas na yari sa bakal. Sa kanyang mga kamay ay nakasalalay ang nagdidilim na kinabukasan ng bayan, inatasang pigilan ang pagtawid ng mga liberal na pananaw ng mga Arbitrista – Reporma sa bawat hibla ng kaharian at ng korona para malampasan ang matinding krisis – sa kontinente ng Amerika upang maiwasang mag-alsa ang mga kolonya laban sa Hari. Ngunit ang mas mahirap ay ang pigilan ang daloy ng rumaragasang repormistang kaisipang ng mga Protestante – Ang kasalanan ng isang nilalang laban sa Panginoon ay hindi nabibili ng salapi ang kapatawaran, bagkus, ang kapatawaran ay isang gantimpala ng Diyos sa kanyang nilalang tungo sa buhay na walang hanggan – Kahit madugong supresyon ay walang kakayahang buwagin ito maliban na lamang sa mga nilalang na sadyang tapat sa Iglesia Katolika.

Habang nagdaraos ng sagradong misa ang mga ginang sa tapat ng Galleon para sa isang matiwasay na paglalakbay ay umakyat naman ang mga mamahaling kabayo sa damyo, ang 15 mga parin Jesuita ay sabay-sabay na pumanhik at

may mga hawak-hawak na mga rosary, si likuran nila ay ang karwaheng may rebulto ni San Juan de Bautista.

“ Hijo kapag ang mga pangarap mo ay iyong matupad, huwag sanang kalimutan ng iyong mga paa ang landas pauwi sa ating tahanan kung saan ka isinilang at ang iyong kanlungan, sana sa aking katandaan, ikaw ang makapiling ko sa tabi ng higaan ng aking kamatayan, sana ay mahawakan ko man laman ang iyong mga pisngi bago malagutan ng hininga.”

Bulong niya sa anak na nangakong magbabalik, nag-iwan ng isang halik ng pamama-alam bago tumalikod ang aking ama, itinago ang mga lumuluhang mata, mabibigat ang bawat hakbang ng kanyang mga binti, tulad ng kanyang nakatiklop na mga balikat, tila ay may ibinubulong sa langit, “ Ang lahat ng ito ay isang napakalaking sugal ng buhay sa loob ng katakumba ni kamatayan, ang tanging magwawagi ay yaong mga ganid sa kayamanan at sasambahin sa dambana ng malagim na kasaysayan! ” Sa sandaling iyon, ang tanging nakaka-alam sa nagdurugo niyang puso ay ang aking abuela. Nababasa niya batay sa bawat hakbang, masakit para sa isang anak ang iiwang mag-isa ang inang nagdurusa sa masaklap na sakal ng pag-iisa, subalit siya, aking pinakamamahal na unico-hijo, iyong ama, ang kanyang kaluluwa ay nalulunod sa karagatan ng lumalagablab na pook ng pangarap, marahil sa ibayong luapin ay matagpuan niya ang katuparan ng kanyang kapalaran. Sa loob ng kanyang puso ay nakatira pa ang busilak na hangarin at sa pagbalik sa Espanya, magkaroon siya ng isang dakilang pangalan, habambuhay ay maididikit sa kanyang pagka-tao na isang magiting na konkistador para sa banal na Iglesia Katolika at sa buong sankatauhan, tulad rin ng ibang Hidalgo, makapag-impok ng ginto at pilak para sa maginhawang pamumuhay ng mga mahal sa buhay.

“ Hugutin ang ankla! ”Malakas na sigaw ni Kapitan, nasa kanyang kaliwang kamay ang manipestong listahan ng mga kargamento at mga pasahero, hawak ng kanang kamay ang maliit na astrolabe, matapos matanaw ang direksyon ng araw sa maliit na butas nito ay agad iniluklok sa bulsa ng mahabang robang yari sa balat ng baka. “ Ihanda ang pisi at dalian niyong ipasok ang damyo sa loob ng Galleon! ” Mas mataas ang boses, tila ay nag-aanyong bakal, nagmamadali sa biglang pagpalit ng ihip ng hanging magdadala sa kanila sa kontinenete ng Amerika ng kalayaan at ng bagong pag-asa. Ang bawat bigkas ng kataga ay sintigas ng muebleng puwersahang ipapatupad ang batas bilang isang Kapitan, ang emperador sa buong Galleon. Isa at isa ay hinubad ang mahahaba at malalaking lubid na itinali sa hugis ekis na yerong ibinaon sa mismong gilid ng daungan. Sabay-sabay ibinaba ang hugis rektangulong mga layag sa harapan, mga telon ay nangingitim sa mababagsik na bugbog ng hanging hinampas ng langit mula sa timog-silangang Atlantik – Dulot ng kaisipang Renacimiento ay nabuwag ang kaisipang medyibal na isang tanggap na kaisipan, ang Atlantik ay pugad ng mga diwata at mg manlilinlang na mga sirena, ang sino mang tatawid ay hinid na muling makakabalik pa ng buhay ngunit ngayon ay malayang

makapaglalayag ang mga ahente ng sibilisasyon tungo sa kaunlaran ng isipan.- Mahinahong kumalas ang Galleon sa daungang may kaluluwa pa rin ng sibilisasyong Romano na nakaukit sa mga dorikong posteng nakahilera sa pusod nito. Pumagitna ang Galleon sa ilog ng Guadalquivir, nagpakawala ng nakabibinging atungal mula sa trumpetang nakapatong sa kamarote ni Kapitan Santiago, hudyat ng pamamaalam tungo sa isang matagumpay na paglalakbay. Sa isang dako roon ay may bulong-bulungan, sanhi raw ng bendisyon mula sa mga lulang paring Jesuita ay biglang rumagasa ang tubig sa ilog ng Guadalquivir, lumakas ng husto ang ihip ng hangin, lalog napabilis ang dating ng Galleon sa bukana ng ilog hanggang sa tuluyan ng lamunin ng kadiliman ng karagatang Atlantik.

Sa pagitan ng mga tisang magkakadikit sa daungan ay lumutang ang matinding pagluluksa, bininyagan ang mga lumot sa mga giwang ng mga matang tumatangis sa pagkawalay, maliban sa akin ay buong loob kong tinanggap ang katotohanang sumabak sa ekspidisyong aking pinakamamahal na anak, ang tanging natitirang gantimpala ng panginoon, masakit mang isipin dahil ang lahat ng aking pakikibaka sa ibabaw ng lupa ay para sa kanya at bigla na lamang maglaho sa aking tabi, ngunit sa panahong ito ay ikinubli ko ang pagluluha sa aparador kahit isipin man nilang ako ay manhid, batid ko, ang pagluha ay isang kahinaan, sa panahon ng aking pag-iisa ay nararapat na ako ay maging matatag, mabisang depensa laban sa mga mapang-abusong nilalang.

Dumapo ang mahigpit na yakap ng gabi sa aking dib-dib, sa gitna ng aking kalungkutan ay lulunurin akong tulala at ang darating pang mga araw ay magiging napakadilim na gabi ng aking buhay. Mag-isa kong nilakad ang makitid na kalsada palabas ng daungan, sa panahong iyon, ang pakiramdam ko ay lumulubog ang aking emosyon sa pinakamalalim na pook ng mga kerubing walang tigil sa pag-luluksa kung saan ang nararamdaman ay hinubog ng naghalong poot at bigat ng kalooban. Maliwanag ang kalsadang binabaktas, alinsunod sa kaugaliang kastila, lahat ng poste sa kalsada ay kakabitan ng dalwang lampara tuwing may papa-alis na Galleon, pero sa halip na maliwanagan ang aking isipan ay mas lalo pang nagdidilim ang aking damdamin sa putik ng matinding pighati Hindi alintana, ang bestida ko ay sumasayad na sa lupa, nais kong maiyak, sana ang aking mga luha ay mahagilap man lamang ang makatarungang paliwanag sa mga trahedyang dumating sa akin.

Una kong naranasan ang matinding hapdi ng pangungulila noong Hulyo 12,1575, sampung buwan, matapos kong mailuwal si – Gabrielle Paulito de Castellano - Ang kaisa- isa kong anghel, ang mga pakpak ay yari sa gatas na dumadaloy sa aking dib-dib at pagmamahal.

Minsan ay nagkulay dugo ang buwang liwayway, marahil ay isa itong hudyat ng panibagong digmaan sa lupain ng Europa, kontinente nito ay naka-patong sa mga kalansay ng mga bayani at ang kanyang mga ilog ay dinadaluyan ng litor-

litrong dugo ng mga magigiting na mandirigma, marahil ay isa itong hudyat sa panibagong kabanata tuwing sasapit na ang kapanahunan ng tag-init. Sa dalawang maikling lubid ay ikinabit ko ang duyang yari sa malabnaw na kulay berdeng seda, sa ibabaw nito ay inilagay ko ang aking unico-hijo, sa maikling sandali ay agad na nadakma ang mahimbing na tulog, mura niyang isipan ay nababalutan ng sariwanng hanging may bango ng mga naranja, . " Isipan niya ay isang blankong papel, ako ang magiging makata at susulatan ko ang bawat pahina ng moralidd, pag-ibig at riyalidad, magiging tanglaw ng kanyang walang katiyakang landas, dahil alam ko na sa ibabaw ng mundong ito, ang lahat ay walang katiyakan, maliban sa kamatayan." Bulong ko sa aking sarili, nagdidikta ng aking alintuntuning gagampanan bilang isang ina, umupo ako sa tabi ng duyan, isa-isang tinahi ang mga butas sa uniporme ng aking mahal na esposo – Kapitan Juan Gabrielle de Castellano – ang pinakamatapat na kawal sa Armada ni haring Philip II, handang ipaglaban ang dignidad ng bansang Espanya hanggang sa hukay. Sa likod ng matatagumpay na digmaan laban sa mga piratang pranses at mga ingleses ay ang superyoridad ng kanyang taktikang kinatatakutan ng mga kaaway at mga kakampi, sa usaping istrategiyang pang militar, dunong niya ay mataguriang henyo.

Tag-init na noon at kumakapal na rin ang mga naipong alikabok sa iabw ng tisang kalsada, nag beberde na ang dating kulay gintong mga halaman sa hardin, naninigas ang putik sa lilim ng punuang naranja. Mahimbing pa rin ang kanyang tulog sa duyan, bahagyang ngumiti, marahil ay dumalaw ang kanyang kerubin, pinaglalaruan siguro ng isang anghel ng kamusmusan, habang pinagmamasdan ko siya ay saka naman dumating ang isang kartero ng liham sa harap ng aking bakod, inilagay ang sobre sa loob ng kahong pang-liham na nasa tabi ng pintuan bago umalis ng walang paalam, halatang abala sa paghuhulog ng daan-daang liham mula sa mga kawal na ipinadala sa Alemanya sa ilalim ni Haring Philip II upang pigilan ang pag – aaklas ng mga Protestante laban sa banal na Iglesia Katolika. Pansamantala ay huminto ako sa pagtatahi, may halong tuwa, agad ay tumayo sa inuupuan, tinungo ang kahong panliham, siguro ay dahil sa pananabik ko sa aking mahal na Esposo, nararamdaman ang init, bumabalot sa aking sentido at buong katawan, tulad ng mga dati niyang liham, marahil ay magsusulat na naman siya ng mga kuwentong maghahalo ang mga luha at ngiti sa aking labi, tungkol sa matinding kalungkutang nadarama tuwing hindi ako kapiling. Ganoon din naman ako, buhay ko ay nababaliw, tila ay nagdurusa ng daang taon sa loob ng bilangguan sa tuwina ay wala siya sa aking tabi, laging nanabik sa init ng kanyang mga labi sa libo-libong pahina ng aking ala-ala. Marahil ay buod ng kanyang liham ang mainit naming karanasan sa ibabaw ng kama at minsan ay sa ilalim mahabang mesa, animo ay mga kunehong nawawalan ng bait na tila ay nasasaniban ng masamang ispiritu, lahat na yata ng makamundong posisyon ay sinubukan para sa kasiyahan ng aming kaluluwang nakabaon sa nakakabaliw na orgasm. Kung batid lamang ng aking Esposo, lagi

kong hanap-hanap ang init ng mga mahihigpit na yakap, mga nakakakiliting haplos ng kanyang mahabang dila sa aking dib-dib, gumagapang patungo sa look ng aking pagkababae hanggang sa tuluyang sumambulat sa kanyang mukha ang kapusukan ng pagraraos na tila ay walang hangganan, ina-amin ko, minsan sa aking pag-iisa, nagamit ko ang huwad na aring yari sa makinis at malambot na isponghang kanyang nabili sa siyudad ng Venizia ngunit ang kaligayahang dulot nito ay tuyong-tuyo, ang mamuhay ng tigang ay para na ring kapiling mo sa higaan ang anghel ng kamatayan. Siguro ang nilalaman ng kanyang liham ay ang matatamis niyang tagumpay sa digmaan para sa karangalan ng Espanya at para sa makapangyarihang batas ng banal na Iglesia Katolika. Kanyang pananaw, kaunlaran ay makakamtan lamang kapag ang buong kontinente ng Europa ay mapayapang nagkakaisa sa ilalim ng isang paniniwala, ang sagradong Iglesia Katolika, dahil sa matatag na prinsipyo ay akin siyang ikinararantal sa buong daigdig, adhikaing ipinaglalaban ng kamatayan para sa kapakanan ng Espanya at lahing kastila, isa sa pinakamatapat na kawal, lalong pinagtitibay ang pundasyon ng sibilisasyong Iberyano.

Ako ay biglang nagulat ng marating ko ang kahong panliham, sa halip na kulay puti ay kulay azul ang sobre, tulala at may halong pagtataka, " Nagkamali yata ang kabalyero sa paghulog! " Sa isip-isip ko, hindi ito isang karaniwang liham, bagkus ay isa itong napakaimportanteng liham mula sa pinakamakapangyarihang departamento ng kaharian, ang pinagsanib na ministro ng dpensa at ng digmaan, nagkaroon ako tuloy ng mga katanungan at mga haka-haka, " Ito ba ay isang imbitasyon ng hari para ipag-diwang ang tagumpay ng kaharian laban sa kaharian ng Inglatera ni Reyna Elizabeth I? " Sa wari ng intwisyong kritikal, " Marahil ay isa itong imbitasyon para bigyang pugay ang muling pag-taas ng ranggo ng aking Esposo." Wika ng aking isipan, pagkatapos na damputin ang liham ay agad na bumalik sa dating inuupuan, ang musmos ay mahimbing pa rin ang tulog, kuhang-kuha ang makakapal na kilay ng kanyang ama, animo ay iginuhit ng isang pintor, sa bawat balahibo ay naroroon ang kulay ng matatag na prinsipyo. Binuksan ko ang sobre, ang aking paningin ay biglang nagdilim, nangitim ang mga ulap sa aking isipan, ang tibok ng aking puso ay nagdadabog ng mabasa ang liham.

Banal na kaharian ng Espanya
Sagradong Bansang Katoliko
Ministro ng Digmaan

Hulyo 12,1575 A.D. Mainit na pagbati! Senyora Feliziana Salamanca De Castellano,

Isang malaking karangalan para sa kaharian ng Espanya ang kagitingan ni Kapitan Juan Gabrielle de Castellano. Hinggil sa epektibo niyang istratehiyang pang-militar, napasa-ilalim ang maraming bansa sa Europa sa kapangyarihan ng banal na Iglesia Katolika. Kanyang katapatan ay magiging immortal na bahagi ng dakilang kasaysayan ng bansang Espanya. Subalit ay ikinalulungkot ni Haring Philip II at ng buong Armada ang pagpanaw ni Kapitan. Napaslang siya ng mga heretikong Protestante habang nangungumpisal sa loob mismo ng Kathedral sa siyudad ng Cologne. Ang kamatayan niya ay isang malaking kawalan para sa ginintuang adhikain na ang buong sangkatauhan ay payapang mamuhay sa ilalim ng sagradong relihiyong Katoliko.

Lubos na nagdadalamhati, □

Korona ng Espanya

" Punyetang digmaan! " Mura ng nagmamamhid kong isipan at ako ay biglang napaluhod sa sahig, kumikirot ang bawat ugat sa aking ulo, napahagulhol, sentido ko ay hindi mailarawan ang matinding sakit, mistulang naglalakbay sa madilim na hangin at walang patutunguhan, utak ay tinatangay sa gahiblang buhok na namamagitan sa gitna ng kabaliwan at ng katinuan. Kaluluwa ay walang tigil sa pagmamaldisyon sa walang kabuluhang digmaan, sa bandang huli ay mauwi lamang ang lahat sa usaping pang-kapayapaan kapag ang dumanak na dugo ay lumalapot sa haligi ng mga gotikong katedral at nangingitim sa harap ng krus.

" Higit bang mas banal ang Kristo ng mga katoliko kaysa Kristo ng mga protestante? " Katanungan ng katinuang pilit hinahagilap ang tugmang paliwanag sa madugong tunggalian ng dalawang denominasyon sa ilalim ng isang relihiyong Kristiyano. Subalit ang pangil ng digmaan ay mas lalong bumabangis sa bawat dugong pumapatak sa mga nahihiwang katawan ng mga mandirigma, sa mga natataga nilang mga bitukang nagkagutay-gutay at ang mga espada ng mga kabalyero ay nagdiriwang sa nakakalasing na tagumpay. " Marahil ang Kristong nakapako sa Vatican ay mas makapangyarihan kaysa Kristong nasa puso ng mga protestante! " Konklusyon ng isipang nakahandusay sa nakakabaliw kong kalagayan. " Sa purgatory ng nakakadiring kahihyan ay magdurusa ang multo ng walang katuturang digmaan, ang dulot nito ay ang pagka-durog ng hibla ng moralidad sa kaluluwa ng mga biktimgang nasawi." Unawa ng katinuang tila ay nawawalan ng ulirat.

Dahil marahil sa matinding lungkot, isipan ay naba-blanko sa mga samo't saring suliranin, hindi alintana ang layo ng aking binaktas mula sa daungan ng Cadiz, namalayang bigla na ang bestida ay nakasayad, halos naupod, mundo ko ay biglang nagunaw sa pangalawang pagkataon, muling nasugatan ang puso, mas malalim ang hiwa, mas mahapdi, masakit maiwang mag-isa ng kaisa-isa kong anak, " Ano pa nga ba ang kabuluhan ng paghihirap para mabigyan siya ng maginhawang buhay at sa bandang huli ay aalis din? " Tanong ko sa aking sarili ng marating ko ang tahanang nagluluksa rin sa pinaka-madilim na gabi, hindi na rin sinubukang ilawan ang mga lampara sa terraza, agad na pumasok sa pintuan ng mabuksan, sa harap ko ay naroroon ang mahabang mesa, sa hapag nito ay nanunumbalik ang mga nakaraang walang kasing tamis, mga ngiti ng aking Esposo at Unico Hijo ay tila nakaukit sa bawat table ng mesa, animo ay mga lintang kakapit ng habambuhay sa aking ala-ala. Nakaligtaang maghapunan, ramdam ko, napupuno ng hanging paglulumbay ang nangangasim na sikmura, dumiretso na lamang sa silid tulugan, sa ibabaw ng kama at sa mga mahihigpit na mga yakap ng unan ay pilit kong inubos ang lahat na mapapaklang luha hanggang sa tuluyang tangayin ng mga pak-pak ng bumubulusok na tulog.

Ang tatlong buwan ay tila bagang daan-daang taong ako ay naka-bilanggo sa piitan ng pag-iisa. Upang ako ay makalaya sa kadena ng pagdadalamhati ay pilit kong nilunok ang mapait na riyalidad na ang aking pinakamamahal na anak ay lumisan na, nanumbalik ang sariling mundo sa katinuan, tanging dalangin sa maykapal, sana ay magtagumpay sa kanyang hangaring maging konkistador, maibahagi ang kristiyanismo at sibilisasyong kastila sa buong mundo.

Kalagitnaan ng Enero, ang pinaka-malamig na buwan, dahil sa dalawang pogong walang tigil sa pagbuga ng mainit na hininga ay mas mainit ang temperatura sa loob ng silid-painitan kaysa sementeryo ng Triana kung saan ibinurol ang labi ng aking Esposo. Sa loob ng isa at kalahating lingo, halos matapos basahin ang librong " Il Principe " ni Niccolo Machiavelli, isinulat para kay Prinsipe Lorenzo di Medici. Kahit malalim ang buod ng pilosopiyang pampulitikal, pilit na inunawa ng talata sa talata, moderno ngunit ay isang kathang dogmatista, kumakalas sa empirisistang aplikasyon ng ideya sa tunay pulitikang panlipunan. Hindi ako sang-ayon sa mungkahi, ang matibay na pundasyon ng isang estado ay ang despotikong panguluhan, hindi rin yata maganda, ang katakutan kaysa gagalangin ng mga mamamayan.

Bigla akong nagulantang, napatayo ng marinig ko ang mga munting yelong ibinato ng ulan sa aming bubungan, malakas din ang mga kalabog sa bakod na yari sa kahoy, kinabahan ako, baka gagambalain na naman ang aking katahimikan ng paring manyakis, dating nagtanong kung ano ang kulay ng aking tumatandang utong noong ako ay nangumpisal. Tiniyak ko ang pinaglagyan ng espada, ayon sa aking ama, sa dulo nito ay napabagsak ang kahuli-hulihang kaharian ng mga muslim sa loob mismo ng palasyo ng Alhambra sa Granada

noong 1492. Sa pagkakataong ito, kung ako ay maiipit man ng makasalanang paring kumakalabog sa bakod, isinusumpa ko sa langit, itatarak ang dulo nito sa dibdib ng isang kristiyano, kahit susunugin man nila ako sa lumalagablab na apoy ng Inquisition, tulad ng pagsunog sa mga huwad na mga albularyo. Ng matiyak ang pinaglalagyan ay pumunta agad sa bintana at itinaas ang kalahating kurtina. Laking gulat ko ng madungaw ang isang babaeng nakatinding sa harap ng bakod, suot niyang bestidang kulay krema ay basang-basa sa ulan, nanginginig, ang mas nakapag-tataka ay buntis ito. Agad akong lumabas dahil sa awa, tinungo ang babae, medyo mas matangkad siya kaysa akin, tipikal ang andalusyanang hugis ng hitsura, maliban sa napakatangos na ilong, halatang may dugong Saracen, inabot sa kanya ang tuyong tuwalya, naghahalo ang patak ng mga ulan at mga luhang dumadaloy sa kanyang mga pisngi.

“ Buenas Tardes Senyora Feliziana! ”

Kanyang bati, tono ng boses ay nanginginig sa lamig, ngunit ang nakapagtataka ay kilala ako ng estrangherang babaeng ito, sa tabi niya ayy may malaking maletang lalo kong ikinagulat, yakap niya ay isang Bangang kulay puti at nakaukit ang kulay azul na mga larawang hango sa kasaysayan ng pamilyang Israelita, sa leeg ng Banga ay may nakaukit na salitang Hebreyo pero ay hindi ko maintindihan. Hindi na rin ako nagtanong kung bakit niya ako kilalla.

“ Tuloy ka hija! ”

Hindi ko nakuha pang batiin siya, bagkus ay inalalayan ko na lamang papasok sa aming tahanan ng mapansing nangangatog ang mga tuhod sa sobrang lamig. Ako na rin ang nagdala ng kanyang maleta, sa wari ko ay hindi ito mumurahing maleta, yari ito sa balat mula sa gitnang silangan, inihanda ko an gang mesa at dalawang upuan habang siya ay nagpupunas at nagbibihis sa loob ng banyo na nasa tabi lang ng silid painitan, dinagdagan pa ng limang pirasong kahoy ang pogon para mas lalong uminit para maiwasang bumagsak ang temperatura ng katawan ng aking panauhin, sa ganitong paraan ay maiwasan niayng magkasakit o kamatayan.

Pagkatapos na magpunas at magsuot ng makapal na damit, inanyahang saluhan ako sa mesang mayroong dalawang platito ng Hamon Ayberiko. Kahit malayo ang mesa sa pogon ay ramdam pa rin namin ang init na ibinubuga nito, naupo siya sa silyang nasa ilalim ng sining-pintura, may temang gothiko na may halong riyalismo, likha ito ng aking Esposo sa kasagsagan ng kanilang kampanya laban sa mga Huguenot, kaya ang nasa kanbas ay isang kabalyerong galit na galit habang sinusunog ang heretiko sa ilalim ng buwan.

Mahinhin ang kanyang mga galaw sa harap ng mesa habang pinagsasaluhan namin ang Hamon Ayberiko, maigi kong pinagmamasdan ng hindi niya batid, kahit hugis Saracen ang ilong ay makinis nag namumulang balat sa mukha, maganda ang hugis ng manipis na mga labing tugma sa hanggang balikat na haba ng kulay brunette na buhok.

“ Pilit naming ikinukubli ni Gabrielle Paulito ang aming wagas na pagmamahalan sa mga paningin ng mga tao dahil sa magkaiba ang aming relihiyon, ako ay isang Hudya at siya ay isang Kristiyano, kaisa-isang anak ng tagapag-ligtas ng banal na Iglesia Katolika, nakipagdigma, nagpakamatay para sa kadakilaan ng Kristiyanismo, marahil ay isa itong balakid kung kaya ay natakot siyang iharap ako sa iyo Senyora Feliziana, ang higit na kinatatakutan niya ay baka kung sakaling hindi mo ako matanggap, kung ito ay mangyari man, pipiliin niyang magpapa-kamatay na lamang, tila ay isang kasumpa-sumpang suliranin ang kinalalagyan ng aming pag-iibigan, halos oras-oras ng aking buhay ay hindi ako nilulubayan ng mga luhang walang kasing pait. Ang mas masaklap pa, sa gitna n gaming pagmamahalan ay napag-usapan nap ala ng aking mga magulang ang tungkol sa aking pagpapakasal sa isang Hudyo rin na nagmula sa isang pamilyang may kaugnayan sa kalakalan ni ama. Pero ay mas gugustuhin ko pang mamuhay sa piling ni Gabrielle Paulito, siya ang tunay na tinitibok ng aking puso, sinadya rin naming ako ay mabuntis, tutol man ang simbahang Katolika at ang Synagogue, sa ganitong paraan ay magiging immortal an gaming pagmamahalan, ako at ikaw, ang dahilan ng kanyang pagsabak sa Ekspidisyon para sa katuparan ng kanyang minimithi, sa pagbabalik niya ay magiging isa tayong pamilyang mayroong maginhawang antas sa lipunan.”

Madamdamin at mahabang salaysay ni Sarah Beatriz Montefiore del Cohen, ang babaeng dumukot sa puso ng aking pinaka-mamahal na anak, patuloly na humihikbi, may lungkot ang bawat luhang pumapatak, nakaka-durog ng puso ang kalagayang napalayas at itinakwil na parang bulok na basahan, hindi natanggap ng sariling ama, lalo na sa tradisyong Hudyo na siya ay disgrasyada sa isang Kristiyano. Ang wagas na pag-ibig ay susuwayin ang lahat, kamatayan man ang kaparusahan. Walang tigil ang kanyang pag-iiyak, hiniwa ng mga bildong nawasak mula sa kanyang pag-katao ang aking puso, ako ay nakaramdam ng matinding awa. Tumayo ako mula sa kinaupuan matapos mabasa ang liham na nilagdaan mismo ni Gabrielle Paulito na kanyang inabot bago ako sinaluhan kanina, tumabi sa kanya at niyakap ng mahigpit, siguro ay maibsan ko ang bigat ng kanyang kalooban. Sa ganitong paraan ay ay matupad ko ang hiling sa liham, tanggapin ng buong puso sa aming tahanan ang babaeng tanging minamahal, ang kaluluwa ng kanyang buhay at ang Pandora ng kanyang pagkatao.

“ Tahan na anak! Kung ang karanasang masaklap ay binabagabag ang iyong katinuan, magtiwala ka, ang nawasak mong mundo ay muling bubuuin ng aking labis na pagmamahal na iyong madarama! ”

Bulong ko sa kanya, nakagapos pa rin sa mainit kong yakap, unti-unti ay nawawala ang pait na nararamdaman, isinubsob ang ulo sa aking dibdib, dito ay mapayapa siyang mananahanan. Subalit ay pilit kong ina-alam ang bawat hibla ng kanyang pagka-tao, “ Montefiore”, bigkas ng aking isipan, mahinang tumango-tango, sa pagkaka-alam ko, hindi ito isang karaniwang apelyido sa

lipunang Kastila, ginagalang sa komyunidad ng mga Hudyo, tanyag sa larangan ng pangangalakal, malaki ang nai-ambag sa agham pang-medika sa Universidad de Salamanca at padrino ng dalubhasang pintor na si El Greco. Dahil sa maraming pilak ang naibahagi nila sa banal na Iglesia Katolika at malaking halaga ang nailuklok sa kaban ng kaharian ay hindi sila napalayas sa Espanya.

C: Hatikvah

Ang Pag-Asa

Sevilla, Espanya

Katiwasayan ay kanyang nahagilap sa loob ng aking yakap, ng mapansing tumahan sa paghihikbi ay niluwagan ang dating mahigpit na yakap, tuluyan na ring tumiwalag sa kanya, dahan-dahan ay tinungo ang dating upuan, muling naupo, nagdampot ang mga daliri ng isang hiwang hamon, pira-piraso ay pinupunit ito ng mga ngipin, nginunguya at nilalasap ang alat ng aking dila, pero ay minamatyagan ang kanyang pakiramdam, ng kanyang mapansin, gumanti rin ng titig, sa wakas ay dumapo ang matamis na ngiti sa kanyang namumulang labi.

“ Nagustuhan mo ba hija ang bago niyang kinalalagyan? ”

Simpleng tanong ko, binasag ang katahimikang namamagitan sa amin maliban sa mga yelong panaka-naka ay bumabagsak sa bubungan, nginuso ko ang Bangang bitbit niya kanina, nakaka-agaw pansin ang mga antigong larawang sadyang inukit ng dalubhasa, ang angking kagandahan ay mistulang may buhay, nanghahatak ng damdamin at paghahaluin sa loob ng kaluluwa ang pagkakagusto at pagkatakot, mga kontradiksyong sadyang kay hirap maiwasan, kung sabagay, ang buhay ay nagiging paraiso lamang gawa ng mga kontradiksyon, kung wala ang mga ito, marahil ang kamatayan ay laging mimithiin.

Kumintab sa punas ng tuyong basahan, ipinatong ko sa mababa at maliit na mesa para masigurong ligtas sa kabasagan kung sakali mang mahulog.

Tumango siya ng pagsang-ayon, “ Kagandahan ang nabuo, bagkus ay lumitaw ng lantaran ang pagtatagpo ng magkasalungat na sining ni El Greco na mayroong madilim na kulay at ang metikulusong sining na inukit sa bangang mayroong maaliwalas na kulay.” Nag-isip muna at nanghagilap ng mga intelihenteng kataga bago nagbitaw ng salita.

Nasiyahan at naintindihan ang liberal na ideya sa likod ng sinadya kong kumbinasyon ayon sa paglagay ng isang sining na salamin ng antigong sibilisasyon ng mga Hudyo at ang sining ni El Greco sa itaas nito, ang larawan ng tagumpay ng kaisipang Kastila. Ang nais kong imungkahi, sa halip na tatadyakan palabas ng bansa ang mga Hudyong pundasyon ng kalakalan at karunungan ay mas maigi pang tanggapin sila sa lipunang Kastila, kug tutuusin ay makabuluhan

din ang naiambag nila sa sibilisasyong Kastila tulad ng Kristiyanismo at ang mataas na karunungan ni Moses ben maimon sa pilosopiya, iniugnay ang adhikain ng mga Hudyo sa pilosopiya ni Aristotle.

Batid kong matalino siya, nakikita ko sa ekspresyong ng bilugan niyang mga mata. "Hija, paumanhin lang sana, nais kong malaman ang kahulugan ng isang larawang iyan na tila ay intrikado ang pagka-ukit." Mahinahong wika ko sabay turo sa isang malagim na larawang nakaukit sa pusod ng banga.

Pumikit at nagbuntong-hininga tila ay may sinusuri ang isipan, pilit binubuksan ang mga pahina ng kanyang ala-ala. "Dahil ikaw ay bahagi na rin ng aking buhay, siguro naman ay hindi ko sinusuwat ang tradisyon ng aming angkan na dapat lang ibahagi ang kahulugan ng bawat ukit sa kapwa hudya at hudyo lamang." Bigkas niya pagkatapos magbukas ng mga mata dahil na rin marahil na nalalaman niya na ako ay produkto ng kaisipang Renacimiento at mayroong liberal na pananaw kaya ay hindi atubiling ibahagi ang nalalaman, dahil rin sa siya at ako ay inugnay ng nag-iisang pag-ibig para kay Gabrielle Paulito de Castellano, ang aking Unico-hijo, ang kanyang ini-ibig ng wagas. "Mahiwaga ang bangang ito, lahat ng nakaukit sa balat ay tunay na naganap, naging bahagi ng aming malagim na kasaysayan, nahuhulaan din nito ang magaganap sa hinaharap, ngunit ay minsanan lang lang iyan sa loob ng limang-daang taon o isang libong taon. Minsan ay pumunta ako sa tiyuhin kong Rabbi, ibinahagi ang napanaginipan kong ipinakita ng Banga sa kanyang balat, detalyado at malinaw na aparisyon – Ganap na babagsak ang Emperyong Espanya, magagapi sa isang madugong digmaan na magaganap sa Maynila sa taong 1898 laban sa dambuhalang bansang maitatag pa sa kontinente ng Amerika – ayon sa tradisyon ang sino mang mapapakitaan ng aparisyon ng Banga ay siya ang magiging tagapagmana nito." Huminto sa pagku-kuwento, hinigop ang mainit na minatamis na pinakuluang balat ng naranjita. Samantala ay nananatili akong tahimik, interesado sa muli niyang pagsasalaysay. "Ang kalsadang iyan sa gilid ng Banga ay saksi sa paghihirap ng Mesaya, nilalatigo ng mga kawal ng Emperyong Romano ang kanyang duguang likod, tinatadyakan ng mga kapwa Hudyo habang nakahandusay, karga ang krus ng kaligtasan patungo sa Golgotha. Ang Pantheon sa gilid ng kalsada ay nagsisilbing kasa, parausan ng mga Guwardiyang Praetorium, lantarang nagbebenta ng laman sa pusod mismo ng banal na siyudad ng Herusalem, tila isang karayom sa paningin ng mga rebolusyonaryong Essenes ng Judea, ang kalapastangang ito ay naging ugat ng madugong pag-aaklas ng mga Hudyo laban sa Emperyong Romano, subalit ay nabigo ang rebolusyong Bar Kohkba, tuluyabg winasak ng mga Romano ang Templo ni Haring Solomon. Ang Bangang ito ang tanging natira sa gilid ng Templo, saksi sa mga gutay-gutay na mga bitukang nagkalat, pinagtataga ng mga kawal ng subukang pigilan ng mga Hudyo ang pag-giba ng banal na Templo. Ang kabiguan ng rebolusyon ay ang hudyat ng aming panibagong Diaspora, pinalayas kaming mga Hudyo sa sarili naming bayan, ang Bangang ito ay

ginapang ng abuela ng aming mga ninuno, bago umalis ng Israel ay inukitan ito ng "Hatikvah", ibig sabihin ay "Pag-Asa", baling araw ay makakabalik din kami sa lupain ng Judea, ang lupang ipinangako sa amin ng panginoon." Bahagya siyang yumuko, dinampot ng kanyang tinidor ang isang hiwa ng Hamon Ayberiko. " Pero hanggang ngayon ay binabagabag pa rin ako ng paulit-ulit na pangaginip mula sa butas ng Banga, nakikita ko ang milyon-milyong kaluluwa ng mga lumuluhang Hudyo, sinusunog sa loob ng tila ay napakahabang Pantheon, ang kaganapang ito ay ang hudyat n gaming pagbabalik sa lupain ng Judea ngunit ay hindi isinaad kung kalian ito mangyayari, sa aming pagbabalik ay kamumuhian kami n gaming kapit-bansa, ang digmaan ay laging magiging bahagi n gaming almusal." Muling pagsasalaysay, ngayon ay nauunawaan ko kung bakit sa lahat ng sulok ng Europa ay may mga komyunidad ng mga Hudyo, laging biktima ng pang-aabuso, tadhana nila ay kay pait lunukin.

Kasagsagan ng tag-lamig, katapusan ng Pebrero, mabilis kong narrating ang pintuan, kasabay si Senyora Constantina Villarica, tanyag na paltera sa Sevilla, hindi na kami nag-aksaya pa ng panahon, nilapita naming ang ume-ereng si Sarah Beatriz, biglang bumuhos ang malakas na ulan at may kasamang mabagsik na ihip ng hangin, kaagapay nito ay ang mabilis na pagluwal ng isang sanggol, kanyang mga luha ay biglang pumatak ng kaligayahan ng Makita ang malisog na anak, biyaya ng panginoon, agad kong pinunasan ng malinis na basang tela ang duguan pang sanggol, ako ay napaluha rin, ang mukha ng munting kerubin ay hawig na hawig ang hitsura ng aking Unico-Hijo, at ang sanggol na iyon ay ikaw, aking apo, ang karugtong ng aking buhay.

Muli ay bumalik ako sa aking katinuan, niyakap ko ng mas mahigpit si lola, patuloy niyang pinipisil-pisil ang aking pisngi, nararamdaman kong humihina ang mga tibok ng kanyang puso, pero ay andoon pa rin ang katatagan, lugmukin man ng ilang pagsubok, inalis ko ang aking ulo sa kanyang balikat, kanyang naunawaan na oras na upang kami ay uuwi na, ang namumulang sinag ay hinahatak ng araw sa pusod ng karagatan, halos araw-araw n gaming buhay ay inuubos ang buong dapit hapon sa lugar na ito, kahit bigo man ay hindi pa rin kami nawawalan ng pag-asa, baling araw ay darating din si ama.

III Anino

Maliban sa paspas ng mga dahong patuloy hinahampas ng sariwang hanging nagmumula sa dalamapasigan at huni ng mga munting maya, nakakatanggal ng

katinuan ang katahimikang umaalingawngaw sa buong kuwarto ni Catherina Beatriz de Figueroa, ipinapatugtog ang komposisyon ng " Vangelis", soundtrack sa napanood na makasaysayang pelikula, "1492: The conquest of paradise", dinuduyan ng matamis na alinduyong tuwing dumadapo ang bawat nota sa kanyang mga tenga, tugma rin sa binabasang libro ng mga dakilang konkistador, umupo sa tabi ng nakabukas na malaking bintana, tanaw ang " Fort Nuestra Senyora del Pilar", hinayaang dumampi ang samyo ng mga bulaklak sa matangos na ilong, sinimulan ang pagbabasa sa pang-unang kabanata " Guhit" ng librong " Kuwaderno ng tadhana." Dahil sa luma na ang hitsura ay walang nais mag-aksaya ng panahong basahin ito maliban na lamang sa kanya, naakit marahil sa antigong kulay at ang kanyang ipinagtataka ay kung bakit laging katabi nito ang misteryosong Bangang inukitan ng mga intrikadong larawan, sa bandang leeg ay nakaukit ang salitang Hebreyo na pumukaw sa kanyang interes, may angking hiwagang tila ay nanghahalina ng damdamin.

Ang kumakapit na alikabok sa bawat titik ng pamagat ay kiniliti ang manhid niyang isipan, napilitang dukutin ito mula sa isang lumang kabinet sa tabing sulok ng bibliyotika ni – Don Miguel Gabrielle de Figueroa – kanyang ama, ang tanging apeksyonado ng libro sa Ciudad de Zamboanga. Animo ay inaanod siya ng malambot na alon ng musika, agad ay nangalahati sa pangalawang kabanata, kataga sa kataga ay madaling naunawwan ang buod ng mga talata kahit pa man ay kulay ginto na ang mga pahina at lulang-luma ang mga numero, ngunit ay tugma pa rin sa kasalukuyang riyalidad. May bangayan pa rin sa loob ng relihiyong Kristiyano na nahahati sa kay daming denominasyon, tila ay kay dami ng mukha ng nag-iisang Kristo, ang sistema ng pulitika ay tadtad ng itak ng mga intriga, ang nakapanglulumo ay mayroon pa ring mga piratang moro, nagmamartsa sa likod ng maskara ng Abu-Sayyaf, mga banal na bandidong magnanakaw ng puri, mga relihiyosong terorista, sa madaling sabi ay mga debotong berdugo, laging banta sa seguridad, mga balakid sa kaunlaran. Isa itong trahedya, hindi tuluyang nadurog ng kolonyalismo ang nakakalason nilang ideolohiya, hindi napaslang ang nakakabulag nilang paniniwala, bigo ang adhikaing Reconquista na maitarak ang makabuluhang Pag-ibig sa kapuwa, iyan ay masaklap.

Maliban sa inadobeng simbahan, mga rebultong nakabalsama sa dungeon ng mga kumbento at ang wikang Chavacano, unti-unti ay nalulusaw ang ispiritu ng kolonyalismong kastila, kumekendeng sa tugtugin ng mga imperiyalistang kano, sa kasamaang palad ay masusunog lamang ang lahat sa mapanlinlang na apoy ng dragon ng mga tsino.

Biglang napahinto sa pagbabasa, pumikit, mga pisngi ay namumula sa galit ng mabulahaw ng mga kalabog sa pintuan ng kuwarto, mabilis ding gumapang sa dibdib ang takot dahil alam niyang muling sinuway ang utos ng dominanteng ama na ipinagbabawal ang pagbabasa ng librong " Kuwaderno ng tadhana."

Tumayo sa kinauupuan, tangkad ay limang talampakan at anim na pulgada, maikli at iniluwal ang pusod ng suot na sinding kulay itim, kahit pinaibabawan ng itim na blazer ay hindi maiwasang lumitaw ang alindog sa pagitan ng malusog na dibdib, kita ang mga balahibong sin pino ng bulak sa girna ng cleavage, ang higit makapanuksong makamundong paningin ay ang pantalong kulay itim na yari sa seda, hapit na hapit, tila ay iginuhit ang kakatambok pa lang na laman, masangsang man ang amoy pero ay handang suwayin ng makamundong pagnanasa ang banal na batas o batas man ng tao.

Naglakad, bitbit ang libro, naghanap ng sulok kung saan itong ligtas na mailuklok, walang ibang mapaglagyan kung hindi ay sa ilalim ng kama, agad tinungo ang pintuan, sa maliit na butas ay sinilip muna kung sino ang nanggambala. Para bang nabunutan ng tinik sa lalamunan, ginhawa ay dumapo sa damdamin ng malamang si Senyora Natividad Darmang ang kumatok sa pinto, dati ay isang Badjao pero ay nagpabinyag sa relihiyong Kristiyano ng manilbihan sa Mansion de la familia Figueroa, mas relihiyosa pa yata kumpara sa ibang debotong katoliko ang kaibahan nga lamang, lahat ng kumpisal ay tungkol sa kanyang karanasan sa pagtatalik – pang-una, pangalawa, pangatlo at marami pa – pabalik-balik, kahit ang pari ay naguguluhan kung papatawarin ba o hayaan na lamang masunog sa apoy ng orgasmo. May mga panahong napilitang takpan ng pari ang mga tenga, biglang napa-rosaryo ng marinig ang detalyadong salaysay sa panglimang karanasan sa lilim ng mga punuan ng saging, ikinuwento, tila ay nang-aakit kung paano siya niromansa, mula sa labi, butas ng ilong, leeg, butas ng tenga, dibdib, hita, butas ng laman at ng mabigkas ang butas ng puwet ay biglang napaluhod ang pari, ibinuhos ang isang basong agua-bendita sa ulo.

Mahabaging langit! Por Diyos y por Santo! ”

Bulalas ni Senyora Natividad, lumaki ang namimilog na mga mata, hindi makapaniniwala sa nakikita, tumambad si Catherina, kitang-kita ang mga utong sa dibdib, nagmamarka sa manipis na pantalon ang giwang ng bubot na laman. Biglang napakrus ang mayordoma, natulala ng ilang sandali. Laging kulay itim ang suot ng dalagita, lantarang inihahayag ang estilong radikal na burges-gotiko, produkto marahil ng ganoong uring pananaw, kung may tumutuligsa sa kanyang estilo ay tila walang naririnig, sa madaling salita ay walang pakialam.

Dati ay sinubukang dalhin sa isang eksibisyon ang ginugulan ng matinding pananaliksik at ng panahon ang nilikhang sining-pintura, pinamagatang “Gahasa”, ang karakter sa telon ng kanbas ay dinukot ng isipan sa malalim na antas ng kamalayan, halata ang ginamit na teknikang Chiarroscuro ng kaisipang Renacimiento sa bawat kulay, ngunit ang bawat hataw ng brutsa ay may impluwensya ng suriyalistang si Salvador Dali, ang mga pigura ay nalulusaw, gumagapang na para bang dumadaloy patungo sa malagim na kabanata ng

panahong nahubog ng madugong karahasan ng medyokridad, kabakyaan ang tugmang salita, lantad ang estilong radikal na burges-gotiko, nais isaad ang tunay na sanhi ng nakaka-adik na usok ng kahirapang nilalamon ang kaluluwa ng lipunan.

Sa eksibisyon " 2001: Milenyum ng kamalayan" biglang lumikha ng mararahas na panunuligsa laban sa kanyang sining-pintura at naging pusod kaagad ng nakakabinging pagsabog ng kontrobersya. Iginuhit sa kanbas ang natutunaw na si Santa Clara, nakalawit ang mahabang dila na tila ay may pagnanasa sa harap ng rosaryo, ang magandang hubog ng binti ay pinupuluputan ng maso at karit, nag-aanyong dambuhalang dragon ng kapitalismong nagtatago sa itim na belo ng komyunismo, ang kalahating katawan ay pilit hinahatak patungo sa mabahong kanal ng medyokridad ng mga tsino, samantala ang kalahati ay ginagahasa sa ibabaw ng nagbabagang impiyerno ng kahirapan. Subalit ang kanyang mga kamao ay nakatikom, tila ay nagdudusa sa makamundong kaluwalhatian dinulot ng mga mapanlinlang na pangako ng mga pulitikong ganid sa kapangyarihan at kayamanan. Ang multo ng santa ay humihiwalay sa katawang tao, humihingi ng saklolo sa espada ng mga konkistador, ipinagdadasal ang kaligtasan sa limpak-limpak na salaping pinapautang ng mga amerikano. Sa labas ng auditorium kung saan idinadaos ang eksibisyon ay nagkakagulo, nagkandabuhol-buhol ang trapiko, nakakawala ng ulirat ang ingay ng mga megafono, nanawagan ng malawakang protesta ang hanay ng mga nasyonalista laban sa kirot na dulot ng sining-pintura ni Catherina. Nabansagang posas ng kolonyalismo, iminumungkahing muling ikulong ang kaluluwa ng lipunang Pilipino sa banyagang pamamahala ng mga Kastila, sinasaad ang pagkawatak-watak ng mga pilipinong hindi handa sa matuwid na pamamahala ng bansa. Isa itong pagtatakwil sa simulain ng mga bayaning nagbuwis ng buhay para sa kalayaan mula sa espada ng mga konkistador, lalong nagliyak ang galit sa kanilang hanay sa lantarang paglalarawan sa isang bayani bilang isang makabayang huwad, nakikipagdigma para sa pansariling kapakanan, ng makamit ang minimithing kalayaan ay ibinenta ang buong kapuluan ng Pilipinas sa halagang 20 milyong dolyares sa mga amerikano, ang bawat sentimo ay inilustay sa Hong-Kong habang ang mga sikmura ng mga pobrang pilipino ay kumakalam sa matinding gutom, ang mas nakaktawag pansin ay ang bulgarang pag-guhit sa mukha ng korapsyong laging kakambal ng pulitikang Pilipino, sinasabing hindi gagalaw ang makinarya ng gobyerno kapag walang langis ng pagdarambong. Sa gitna ng umiinit na kilos protesta ay sumabay ang relihiyosang mga madre, bawat kamay nila ay may nakataling banal na rosaryo, tinawag nilang " Malditang Demonyita" si Catherina, ang likha ay isang magaspang na alikabok, pinupuling ang kanilang mga paningin. Malaking kalapastangan sa imahe ng mahal na Santa Clara, buong pusong sinalubong ang kamatayan na birhen at hindi nagahasa, nilisan ang mundo ng mga mortal ng hindi natikman ang mapanuksong orgasmo. Mistulang isang napakalakas na lindol, dinudurog ang bawat hibla ng moralidad,

ang yanig ay nararamdaman sa sulok ng mga burges-intelektwal, nakisawsaw na rin sa dumadahang kilos protesta ang mga kawal ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang kuko ng dragon ay mistulang isang "razor blade" hinihiwa ang papel de hapong ikinukubli ang kamalayang naa-agnas sa pagbabalat-kayo, maliwanag pa sa sinag ng buwan, nagkukunwaring sosyalista ang bansang Tsina, kumakapit ng mahigpit sa palda ng kapitalismo.

Hindi bingi ang mga paring Jesuita, agad dumapo sa hagdanan ng kanilang hukuman ang nagbabagang kontrobersyang halos humantong sa madugong kilos protesta, muntik ng malintikan si Catherina ng "expulsion" sa Universidad del Ateneo de Zamboanga, iniligtas ng kanyang matibay at matalinong katuwiran, "Malayang pagpapahayag ng damdamin sa sining-pintura para sa kaunlaran ng isipang natutulog sa bangungot ng represyon." Salamat sa mga rebolusyonaryong nakibaka noong 1986 para bawiin ang ihip ng demokrasya at nabuwag ang bakal na kulungan ng batas militar, ang taong kanyang kapanakan, kung sakaling noong 1602 siya isinilang, tiyak sa lumalagablab na apoy ng Inquisition siya magiging abo.

Isipan ay balisa, bigo sa hangaring mahatak ang mga kritiko na pumanig sa kanyang adhikain maliban kay padre Alejandro de Maria, puso ay nalilito kung ang nararamdaman sa dalagita ay isang wagas na pag-ibig o isang pagnanasa. Hindi inasahan ni Catherina na magkaroon ng matinding reaksiyon mula sa iba at ibang sektor ng lipunan laban sa kanyang sining-pintura, napilitang tanggalin sa eksibisyon, inuwi, ikinabit sa sulok ng salang laging naliliwanagan ng ilaw ng chandelier mula sa bansang Italia, sa ding-ding ay nahanap ang mapayapang sanktuwaryo.

Laging napapa-krus si Don Migue de Figueroa sa tuwing masilayan ang sakrilihiyosong sining-pinturang ikinabit mismo sa tapat ng kanyang kuwarto, kung ilang daang beses napaluhod sa buong isang araw, mga tuhod ay nauupod, napilitang mangumpisal sa pinaka-sagradong simbahan ng "Fort Nuestra Senyora Del Pilar", hiningi ang kapatawaran ng kaisa-isang anak na tila yata ay nasaniban ng kung anong uri ng masamang ispiritu.

"Magbihis po kayo ng mas maayos senyorita! May naplantsa akong mahabang damit, andiyan sa loob ng iyong aparador!"

Suhestiyon ni Senyora Natividad, tila ay nang-uutos, dati ay isang hamak na hardinera sa Masion de la familia Figueroa. Noong nagdedeliriyong sa mataas na lagnat si Don Miguel de Figueroa, bumaba ng husto ang bilang ng blood platelets dulot ng Dengue Fever, milagrosong nagamot niya ito, nahikayat uminom ng pinakuluang mga dahon ng katutubong halamang dawa-dawa. Kaagad ay biglang kumalat ang usap-usapan sa mga programa sa telebisyon, nabubuhay sa mga patalastas at kumikita sa katas ng mga intriga at mga tsismis, lalong binabaon ang nakalubog na mentalidad sa kabakyaan. Sumabog na parang whistle bomb ang haka-haka sa bawat sangay ng pamahalaang sinasamba si Santo Korapsyon na may mahabang sungay. Hindi makapaniwala ang dalubhasang mga doktor,

nagtaka ang mga mangkukulam na nagtatago sa madilim na kuweba, niyanig ang balwarte ng mga albularyong tila ay mama-matay sa naka-kulturang inggit ng marinig ang mala mahikang gamot. Pagkatapos ng isang linggo ay gumanda ang kalusugan ng amo, tinaasan ang kanyang sahod at itinaas ang antas bilang isang Mayordoma, ang pinaka-makapangyarihang posisyon sa Mansion de la familia Figueroa sa lilim ng diktadura ni Don Miguel de Figueroa.

" Naghihintay na po sa baba si Charlie Esquivel, ang bago mong guro sa contemporary painting, ang ipinalit kay Padre Alejandro."

Paalala niya sa alagang dalagita, pumasok si Catherina sa loob ng kuwarto, tinungo ang antigong aparador, yari sa lumang kahoy na cedar mula sa bansang Lebanon, habang tinitingnan ang loob ng aparador ay biglang gumuho ang kanyang mga balikat, pakiramdam niya ay kumukundena ang duguang multo sa biglaang pagtanggap Padre Alejandro sa pagtuturo ng contemporary painting na higit pa riyan ang kanyang natutunan mula sa pari, hindi alintanang dumaloy ang naguguluhang mga luha, iniiyakan ang oras na ipinagdamot para makapiling ang minamahal na pari at ang takot na namumuo sa kanyang puso, marahil ang pagpapa-alis sa pari ay isang hudyat na nalalaman ng konserbatibong ama ang lihim nilang pag-iibigan. Pumasok sa ala-ala ang mababangis na kataga ng kanyang amang tradisyunal ang pananaw " Ang mantsa ng kasalanang pinuputikan ang karangalan ay nahuhugasan lang ng dugo! " Bahgya ay nanginginig ang kanyang mga palad, nagmumuni-muni at ang mga luha ay natutuyo, " Pagdurusa man ang katumbas, tatanggapin ko ito sa ngalan ng pag-ibig, ang suwayin ang tibok ng puso ay katumbas na rin ng kamatayan! " Bulong ng kanyang puso, alam niyang hindi siya suwail, biktima lamang siya ng rumaragasang pag-ibig na kay hirap mapigilan kahit pa man ay bakal na pader ang babalakid.

" Tahan na senyorita, ramdam ko rin ang pait na iyong nadarama, ang kanyang pagkawala sa oras na ito ay tila isang napakalupit na kalamidad, hinahagupit ang iyong kaluluwa hanggang sa madurog, ngunit pagkatapos ng bagyo ay laging may katiwasayan! "

Kanyang payo ng mapansing namumugto sa luksa ang mga mata ng dalgitang kakalabas lang sa pintuan kung saan ay hinintay hanggang matapos sa pagbibihis.

" Hindi pa naman wakas ng inyong wagas na pagmamahalan, ang magkalayo kayo ng kung ilang sandali ay isang pagsubok lamang sa katatagan ng inyong pag-iibigan, heto ang liham, inabot niya sa akin pagka-tapos kong abisuhan tungkol sa agarang pagsisante sa kanya ni Don Miguel Gabrielle."

Banggit niya, agad inabot sa malambot na palad ni Catherina ang liham, sabay kimindat at nagpukol ng mala-demonyang ngiti.

" Maraming salamat! Akala ko ay tuluyan niya akong iwan at ang buhay ko ay lulutang sa nakakabaliw na pag-iisa, siya ay mahal na mahal ko, pangalan niya ay malalim ang pagkaukit sa aking puso, raragasa man ang tubig sa ilog, hindi

nito matatangay ang aking pag-ibig, siya lamang ang aking mamahalin ng habang-buhay.”

Ganti ng dalagita, bahagyang ngumiti, halata sa ma-among mukha ang panunumbalik ng dating kaligayahan, hinalikan sa pisngi ang mayordoma na may halong kilig na tila ay nakakatindig balahibo, iniluklok sa bulsa ang liham ng nobyo. Inakbayan sa balikat ang matandang dalaga, magkasabay tinungo ang kinaroroonan ng bagong maestro, naghihintay sa sala kung saan naroroon ang malaking larawan ni – Donya Maria Beatriz de Castellano – iginuhit ng dalubhasang pintor, tanyag sa pag-gamit ng teknikang Chiaroscuro – Diego Rodriguez de Silva y Velasquez- ang naitalagang pintor sa korte ni Haring Philip IV, ang umiyak na pintor matapos inabot ang ipinintang larawan ng pinsang si Donya Maria Beatriz de Castellano na nagpasyang lisanin ang lupain ng Espanya patungo sa Nueva Espanya ng Amerika noong 1633 pagkatapos maiburol ang pinakamamahal na abuelang si Senyora Feliziana Salamanca de Castellano sa tabi ng Esposo at ni Sarah Beatriz Castellano Y Montefiore Del Cohen sa mawsoleyum ng Familia Castellano sa sementeryo ng Triana sa Sevilla, Espanya.

Mahinahon silang naglakad sa koridor, ang mahabng damit ni Catherina ay sumasayd sa mosaikong muebleng sahig. Ang dingding ay yari sa mahusay na pagkatagpi-tagpi ng mga kahoy na narra na may iba’t ibang hugis, ikinukubli ang mga lumang adobe. Nakakamangha ang magkakasalungat na mga poste, hugis kuwadrado mula sa sahig, patulis ang hugis pataas, hanggang sa magtatagpo sa taas at maghuhugis arko, ang sulok na naabot ng sinag ng lampara ay lumilitaw ang impluwensya ng gotikong arkitektura, lalo na sa mga palapag ng hagdanang bahagya ay lumiliko na para bang pa-ikot.

Mula sa pangatlong palapag ng hagdanan, kinalikot agn kanilang mga tenga ng malambot na boses ng bagong guro, kinakanta ang musikang iginuhit ng damdamin ang bawat kataga sa tula:

Cuando anochezca,
Te esperaré,
quierro volverte loco esta noche,
con la luna llena,
te esperaré,
hoy moriras entre mis brazos,
nunca sonaste algo igual.
Let me dive in,
To pools of sin,
Wet black leather on my skin,
Show me the floor,
Lay down the law,
I need to taste you more.

Napansing dumadapo sa kanyang mga tenga ang mga mararahang mga hakbang sa likuran niya, agad napahinto sa pag-kanta na sinasabayan ng pag-pindot ng kanyang mga daliri sa lumang "keyboard" ng antigong Piano na "Stein."

Natuhog ang puso, napawi ang lungkot ni Catherina ng marinig ang ikinanatang musika ni Sarah Brightman – Soprano na taga Inglatera – Punong-puno ng kaluluwa, ginising ang damadaming sentimental ng dalagita, sentimental na natutulog sa banig ng bangungot na patuloy pinapaypayan ng disgrasyadong pag-ibig. Ang masakunang pag-ibig na kailanman ay hindi ginusto, ngunit ay kusang dumating na parang magnanakaw, dudukutin, lilimasin ang lahat pati multo niya, Wala siyang kakayahang iwasan ang hatid nitong mapanuksong ligaya, inilagay mismo ang kalayaan sa loob ng sako ng magnanakaw, hinayaang tangayin ang puso patungo sa mahiwagang mundo ng pagmamahalan.

Pero ang buhay ay sadyang kay lupit, duwag niyang katahimikan nagpupumiglas tumakas, ngayon ang puso niya ay inuuga-uga ng matamis na sindak ng pagmamahal, inaalog-alog ng matinding pananabik, hinahagupit ng nakakalokong paninibugho, madalas minumulto ng pagnanasa, sa loob ng seldang mandaraya ay kusang ikinulong ang katinuan, hinayaang latiguhin ng nakababaliw na pag-ibig.

Ngunit siya ay tao lamang, sadyang nilikha para alipinin ng angking damdamin, ang tanging mayroon siya na pinag-iba niya sa antas ng mga hayop, kung kumalas man sa kadena ng pag-ibig ay parang isang panaginip na naglalaro ng tago-taguan sa ibabaw ng kamalayan ng hindi nasisilayan ng paningin, mistulang "mirage" sa kalsada ng paliparan, kapag nilapitan at yayakapin ay saka namang maglaho. Pag-ibig sadyang kay tamis pakinggan ngunit ay may pangil ng kabangisan, ang sino mang nais lumaya sa bilangguan nito ay isang dakilang baliw dahil isang baliw lamang ang puwedeng tumakas sa riyalidad na habang-buhay ay alipin ng pag-ibig.

Malinaw ay nalalaman ni Catherina ang nararamdaman ay isang matrahedyang pag-ibig, idinikta ng damdamin sa bawat titik na isinulat sa bawat ugat ng puso, hindi kayang suwayin ito dahil ang pagsuway sa dikta ng damdamin ay pandaraya sa kaisipan, tila pagmamalupit o pangga-gahasa sa silakbo ng pagmamahal.

Marahang tinanggal ng bagong guro ang mga daliri sa ibabaw ng nagkukulay putik na "keyboard", tumayo ng marining ang mga pinong kalampag ng mga hakbang. Nasa likuran na ang dalawa ng malingon, humakbang ang mayordoma papalapit, tinanggal ang belong nagtatakip sa mala-demonyang kaisipan, lumitaw rin ang makinis na kayumangging balat ng mukha. Samantala ay nanatili ang dalagita sa kinatatayuan, hinayaang isayaw ng tug-tog ng hangin ang mahabang damit, bahagyang inilantad ang mahaba at magandang hugis ng mga paa.

"Buenas tardes senyora!" "Magandang hapon!" Sa wikang tagalong, Bati ng ginoong guro, may kislap sa bawat titig ng mga mata habang ang buhok ay sumasabay sa alinduyong ng hangin, bahagyang nguminigt habang

kinakamayan si Senyora Natividad.

“ Buenas tardes tambien! Maganda ang iyong boses hijo.”

Ganti niya sa binata, gamit ang mga salitang natununan sa wikang Chavacano, halata na ang mga mapuputing hibla ng mga buhok sa ulo, pero ay mas bata ang hitsura ng mayordoma kaysa kanyang edad, marahil ay isinumpa ng maramot na pag-ibig kaya hanggang ngayon ay nananatiling matandang dalaga o baka naman ay siya mismo ang nagtakwil sa kabuluhan ng pag-ibig dahil ay nandidiring ibigin ang tunay na iniibig, takot harapin ang masakunang araw kung kalian ang ini-ingatang katinuan ay sadyang dudurugin ng kataksilan. Isang sakrilihiyosong ritwal na hindi maiwasang mangyayari sa gitna ng wagas na pag-iibigan. Ayon sa kanya na ang puri ay naliligo sa dugo ng pagnanasa, ang nalalasap na pag-ibig ay matatawag na isang masarap na pag-ibig kapag ito ay niluto sa resipeng kinatha ng emosyon, ang mga sangkap na isinulat ng damdamin ay nabibili sa tindahan ng mga kontradiksyong nalulusaw sa sabaw ng lambing at galit, lungkot at ligaya, paglilimot at pananabik, mas lalong naging katakam-takam sa kondimiyento ng kataksilan.

“ bakit hindi ka na lang mag-asawa sa harap ng banal na dambana ng simbahan at may sagradong basbas ng Iglesia katolika? ”

Minsan ay natanong siya ng paring nasa loob ng silid-kumpisalan, tono ng boses ay kinukundena ang makasalanang pakipag-relasyong ng Senyora na mismo ay ang buod ng kanyang pangungumpisal. Nakayuko, nakaluhod at taimtim na nagdarasal sa labas ng silid-kumpisalan bago sinagot ang tanong.

“ Kasi po mahal na padre, ang kasal na nagaganap sa kapilya, katedral o simbahan ay isang lantarang pagkukunwari, ikinukubli ng mga mababangong bulaklak ng ilang-ilang na inihagis sa daanan ng mga ikakasal ang huwad nilang hangarin, sa harap ng mga nauutong madla ay nangako silang magmamahalan ng wagas at tapat, magsasama ng habang-huhay sa hrap man o ginhawa sa ngalan ng inaabusong pag-ibig, pero ang tunay nilang hangarin ay maangkin ang isa’t isa sa bawat sandali at sa buong magdamag, magpapakasarp sa ibabaw ng kama na binabalutan ng pinagtagpi-tagping kumot, punit-punit na kulambo at saka maunawaan na ang pag-ibig ay kathang-isip lamang, agad ay buburahin ng orgasmo ng matinding pagnanasa at panunukso. Totoo lahat ang sinasabi ko, si Senyora Amanda ay biglang iniwan ang asawang naparalisa na hindi kayang tugunan ang kanyang pangangailang makapag-bigay ng ligaya sa ibabaw ng kama, hindi siya tapat sa sinumpaang pangakong magsasama sa hrap man o ginhawa sapagkat ang nais niya ay hindi pag-ibig kung hindi ay sekswal at rumaragasang pagsasambulat ng kaligayan sa mukha! ”

Muntik mahimatay ang pari ng marinig ang tila ay mga salitang hinipuan ng masamang ispiritu mula sa bibig ni Senyora Natividad, agad lumabas ang pari, naglakad ng nakaluhod patungo sa banal na dambana, kinukundena ng kaluluwa ang mga narinig, isinusumpa at dinadalangin na sana ay hindi na muling babalik at pangumpisal ang matandang dalagang nabubulag sa matinding sekswal na

pagnanasa, kahit litro-litrong bleaching soap ang ipaligo ay hindi kayang paputiin ang kanyang maitim na kaluluwa.

Nilingon, bahagyang tinanguan, " Halika" malumanay ang pagka-bigkas, malambing na inakbayan, inilambitin ang kamay sa beywang ng dalagita habang patungo sa kinaroroonan ng guro. " Heto nga pala si Catherina Beatriz de Figueroa, magiging estudyante mo sa kontemporaryong sining ng pag-pinta." Ngumingiti habang pinapakilala ang dalagita sa gurong may limang talampakan at pitong pulgada ang tangkad, hindi masyadong payat, hindi tulad ng ibang mga pintor, nag-aakala na ang mamatay sa gutom ay isa pa ring uri ng sining, namumulang tsokolate ang kulay ng buhok na hanggang balikat, makinins ang maputing mukhang tinutubuan ng manipis na balbas at bigote, ang suot na puting t-shirt ay may naka-imprintang nagbibirong karikatyur ng Kentucky Fried Chicken, sa ibaba ng logo ay may nakasulat " Huwag sanang gawing sabaw ang gravy."

Nginitian muna ang dalagita, " Que tal? Charlie Esquivel, mi nombre." "Kimusta! Charlie Esquivel ang aking pangalan." Sa wikang tagalong.

Hindi atubiling nagpakilala, binanggit ang apeliyido kahit may lahing kastila ay hindi marangya ang sinimulan ng pamilya ngunit ay tanyag sa larangan ng sining ng pag-likha, inilagay ang kamay sa ere, nagbaka-sakaling kakamayan ng dalagita bilang tugon sa maganda niyang hangarin

"Muy bien tambien! Maestro! " Ganti ni Catherina, sarkastika ang tinig ng boses.

"Mas mabuti! Maestro! " Sa wikang tagalong, nanunulis ang nagtatagpong mga kilay, animo ay mga manok na madugong nagsasabong, mga dugo nila ay walang tigil sa pagtatagas mula sa mga gutad-gutad nilang katawang nahiwa ng matalim na labaha. Ang mga dugo ay namimilog, mga putol na paa pati ang mga duguang bituka ay nagkalat sa entablado. Sadyang kay saklap ng riyalidad sa lipunang ito, bago magbukang-liwayway ay si tandang na ang hinihimas, hindi baling walang makain si bunso basta ang manok ay may tutukain, hindi baling manigas ang sakahan basta si tandang ay may maiinom lang, nangutang pa sa gilingan ng bigas, kahit ang tubo ay hanggang ulap an gang lutang, isinugal sa sabungan, doon ay natagpuan ni tandang ang kanyang kamatayan, umuwi ng talunan, tadhana ng pamilya ay tatahakin ang mapait na kapalaran.

Nagsusungit ang kanyang pagmumukha, hindi dahil sa katauhan ng guro kung hindi ay dahil sa pakay nitong bayolenteng pagtatagain ng kampilan ng kontemporaryong sining ng pag-pinta ang tinta ng radikal na burges-gotiko na iginuhit ng kutsilyo sa loob ng kanyang katinuan.

Ito marahil ang mabisang paraang naisip ni Don Miguel upang masugpo ang nangingibabaw na estilo ng sining sa kaluluwa ng kaisa-isang anak, kungsabagay ang isang ideya ay nadudurog lamang ng isa pang ideya na higit pang nakakamatay kaysa bala. Siguro ay magtatagumpay sila ni Charlie, mahikayat ang dalgitang burahin ang kadena ng radikal na burges-gotiko at hindi na muling

makapag-likha ng isa pang maeskandalong sining-pintura, tulad ng “ Gahasa.”

“ maiwan ko muna kayong dalawa at ako ay magluluto pa ng lasagna.”

Pamama-alam ng mayordoma, napapansing napahiya ang guro ng pagsusungit ng dalagita, tumangging kamayan ang binata, umupo ang dalawa sa isang mahabang sofa sa gitna ng malawak na sala.

Samantala ay nagmamadali si Senyora Natividad patungo sa kusinang hiwalay sa Mansion de la familia Figueroa, may kaliitan ang kusinang may dalawang matutulis na tambucho, subalit ay kumpleto sa sarin-saring kagamitang pang-kusina na maayos ang pagka-balangkas. Sa magkabilang gilid ng munting kalye patungo sa kusina ay ang hardin ni Don Miguel Gabrielle, ipinagtaniman ng mga rekados tulad ng basil para sa salsa pomodoro, oregano na pampa-tanggal ng lansa ng mga isda, rosemarina para sa estofado at saffron para sa paella.

Sa ilang saglit lang ay agad narrating ang loob ng kusina, kinuha ang giniling na karneng baka, iginisa muna sa bawang at sibuyas, inihalo ang hiniwang chorizo at carrots, naglagay ng kaunting celery, kalahating basong redwine, kaunting asukal, asin, paminta at inihalo ang ginawang salsa de tomates hanggang sa lumapot at tila ay natutuyo, inilagay sa baking dish na may pasta lasagne sa ibaba, at nilagyan ng kesong mozzarella sa taas na may halong dahon ng basil para mas maging mabango. Inilagay sa loob ng oven na may init na 300 degrees, sa pagdating ng Don, tiyak na puwede na itong hugutin mula sa loob. Ito ang paboritong pagkain ni Don Miguel de Figueroa, ang may pinaka-malawak na Hacienda ng niyogan, ang padrinong nilalapitan ng mga pulitiko, oposisyon man administrasyon pero ay iisa ang kulay ng kanilang kurbatang ibinurda ng korapsyon, nangungutang ng malaking halaga ng salapi kapalit ng proteksyon. Malaking salapi rin ang nai-ambag ng Don para pigilan ang tuluyang pagka-agnas ng wikang Chavacano na unti-unti ay namamatay sa dayariya ng kabakyaan. Ang sampung por siyento ng ganansya ng Hacienda ay napupunta sa pundasyong itinatag ng kanyang may-bahay – Donya Maria Michaela de Figueroa – tinutulungan ang mga maralitang nilalang upang makapag-aral, tanging sandatang makapag-sugpo sa kriminal na kahirapan. Ang pangulo ng pundasyon, Charlie Esquivel, nagtuturo ng sining ng pagpinta sa mga kabataan, ditto siya nakilala ni don Miguel Gabrielle.

“ ang nararamdamang pag-ibig noong 10,000 B.C. ay ganoong pag-ibig pa rin na mararamdaman sa 10,000 A.D. sapagkat ang kaluluwa nito ay hindi napapalitan o mapapalitan. Tulad ng sining ng pag-pinta, ang hangarin ng pintor noon, ngayon at bukas ay iisa, ang maipinta ang tunay na saloobin sa mga bato, sa telon ng kanbas at kahit sa salawal, sapagkat ang kaluluwa ng sining ay walang kamatayan.”

Bigkas ni Charlie, tinitingnan ang mga daliring may nakadikit pang pinturan langis, isinandal ang likuran sa sofa, dinukot ang lapis sa bulsa.

Bahagyang ngumiti, nagustuhan ang talino ng guro, intelihente ang uri ng biro,

napansing mas matanda ang isipan kaysa edad,25 o pataas pero ay hindi hihigit sa 30, kanyang tantiya.

" Dahil nabanggit mo na rin ang tungkol sa sining. Ano nga ba ang kahulugan mo ng contemporary painting? "

Direktang tanong sa guro, parang sinusukat ang lawak ng nalalaman, abala sa pagbura ng pintura sa daliri.

" Ang lahat ng sining na ipininta sa kasalukuyan ay matatawag na contemporary painting, ang " Spolarium" ni Juan Luna ay kontemporaryo sa kanyang kapanahunan, ganoon din sa "Guernica" ni Pablo Picasso at siyempre ang iyong " Gahasa" na may malalim na adhikain." Paliwanag niya sa dalagitang ngumiti ng mabanggit ng guro ang nilikhang sining-pintura. " Ang isang pintor ay sadyang nilikhang may kakaibang adhikain sa ibang pintor, makabuluhan para ang mundo ay maging isang ganap na paraiso, umiikot sa harmony ng magkakasalungat na kulay, damdamin at paniniwala, ang bawat larawang ipininta ay ang pinakamatayog na ekspresyon ng kanyang kaluluwa, ang bawat karakter ay ang piraso ng kanyang pagkatao na sa kanbas ay iginuhit at inihahayag dahil sa totoong buhay ay takot siyang mahusgahan, ang tao ay sadyang nilikhang mapanghusga na ang mga mata ay nakapiring."

Muling nagpukol ng mga kataga, nagbuntong-hininga, panatag inihimlay ang batok sa sandigan-ulo ng malambot na sofa, inikot ang paningin sa sala, mistula ay nang-hahagilap ng mga kataga sa sariwang hanging panay ang ihip na may dalang notang kay sarap yakapin.

Tumango-tango lang si Catherina, nakagaan na ng loo bang bagong guro, sa wari niya ay isa ring rebeldeng intelektwal, hangarin ay gagapiin ang nangingibabaw na mentalidad sa lipunan na tila ay kay hirap burahin dahil sa matinding komersiyalismo, kahit bakya basta mapagkakitaan ay isinusulong ng mga negosyante, at iyan ay nakakalungkot. " excuse me! " Paumanhin ni Catherina bago tumayo, " Mas maigi yata ang ating makabuluhang talakyan kapag may musika na ang bawat melodya ay nilikha ng musikerong nais tumakas sa riyalidad at sa ibabaw ng bawat nota ay mahimbing na matutulog, sa ganitong paraan ay hindi niya makikita ang pait na ipininta ng karukhaan sa buto ng mga nagugutom." Kanyang suhestyon sa guro.

"Go on, kung ikabubuti ng ating konbersayon." Matipid niyang sabi, nagkibit balik ng pagsang-ayon, ngumingiti ang mga mata. " Gregoroan Chant! " muling suhestyon ng dalagita, tinatantiya ang ekspresyon sa mga guhit na nasa gilid ng mga mata ni Charlie. " Enigma: return to innocence, maganda ang pagkalikha ng musikang iyan, ini-ugnay ng melody ang tenga ng imahinasyong nakikinig sa hinga ng kalikasan." Banggit niya, pero hindi ito nangangahulugang ayaw niya sa musikang binanggit ng dalagita, bagkus ay gusto niya ring margining ito, hindi nga lang ngayon dahil ang tinig nito ay tila klasikal, nag suhestyon na lang ng isang musikang nahuhulog din sa ilalim ng ganoong " musical genre" na may hiningang gotiko at tugma sa kontemporaryong kapanahunan. "Ok! " maikling

bigkas na walang pagtu-tutol, pero nagbubulong ng mahinang kanta habang naglalakad patungo sa "CD player", nasa tabi ng lumang Piano. " Batay na rin sa iyong sinabi kanina, nangangahulugang isang kalapastangan ang ihulog sa isang " art genre" ang nilikha ng isang pintor sa kanyang kanbas at pagkatapos ay babansagang Classical Realism, Dadaism, Expressionism o Surrealism." Bigkas ng dalagita, konklusyon batay sa naunawaang mungkahi ng guro habang hinahagilap ng mga daliri ang disc ng enigma, gumagapang sa libo-libong koleksyon ng mga "CD", organisado ang pagka-ayos ayon sa " musical genre", mula sa klasikal na Wolfgang Mozart hanggang sa heavy metal na bandang Megadeth, kasama pati na rin ang pilipinong bandang Wolfgang. Samantala ay hini-hele ang kanyang buhok at mahabang damit ng malambot na musika ng mga pipit na nakahilera sa sanga ng punuang santol. Ang matutulis nilang huni ay tinutusok ang lobong intelektwal sa pagitan ng dalawa. " Tugma ka diyan! Ang mga "ism" na ikinakabit sa bawat sining pintura ay imbensyon lamang ng mga kritiko, mga nagpapanggap na may malalim na pagkaka-unawa sa likha ng pintor, mismong pintor ay hindi lubos mauunawaan ang kanyang nililikha dahil siya mismo ay dayuhan sa kanyang pagkatao, kaya ang "ism" ay lalong umaasim tuwing nag-aaklas na ang bawat hataw ng brutsa." Sarkastikong pagkabigkas ng guro, nag-aalsa ang damdaming nagagalit sa mga "ism" ng mga dekadenteng kritiko, mga huwad na taksonomista ng sining, brutal na kinakabitan ang likhang idinidikta ng emosyon sa mga hibla ng brutsa ng isang pintor.

Abala pa rin si Catherina sa paghahanap ng "CD" ng Enigma sa "CD rack", katabi mismo ng "CD" player. Ang tela ng kanyang damit ay idinidikit ng ihip ng hangin sa kanyang balat, hindi maiwasang ilantad ang magandang hubog ng katawan, mahahaba ang hugis kandilang mga daliri sa kamay at paa, kina-iinggitan ng mga malalanding binabae sa kanilang Universidad, tila ay mga nakapag-LSD, binabangungot ng masamang alusinasyong nais ring humaba ang mga daliri. Para makamit ang nais nila ay bumili ng " Growth Balls" sa walang puring parmasya ng tsino, subalit ang naging resulta ay karumal-dumal pagkatapos mainom ng kung ilang linggo ang " Growth Balls." Si Pancho Revilla, nagwaging "Miss Gay Zamboanga 2001" ay mangiyak-ngiyak, tila ay isinumpa ni Maria Magdalena, ang mga mata ay lumaki ng husto, parang nais lumundag mula sa mga eye socket, lumubo rin pati ang mga tuhod, parang dinapuan ng rayuma. Si Edwin Dominguez, laging laman ng " Gay bar", una ay natuwa sa akalang nabuntis ng nobyong "call boy" ng lumubo ang tiyan na naging sanhi ng pagtatakwil sa kanya ng ama, kaagad ay napahinto sa pag-aaral hindi lang dahil sa lumubo ang tiyan na parang pinipugaran ng libo-libong parasitikong bulate ay lumobo rin pati ang pagmumukha.

Matapos maidaing ni Pancho Revilla sa mga taga " Media" ang lapastangang paglabag ng " Growth Balls" sa kanyang karapatan bilang mamimili, sumiklab na parang bomba atomika ang nagliliyab na eskandalo, ang " radiation" ay agad kumalat sa mga magasin at mga diyaryo, lantad isinulat sa harapang pahina ang

kahindik-hindik na resulta, " Growth Balls: Grow your Balls."

Sa isang pahayagan ng mga anarkista at mga marksista ay isinulat sa pangalawang pahina ang puspusang panunuligsa sa kanser ng kapitalismo – Pancho Revilla, " Miss Gay Zamboanga 2001" Diyosa ng mga Venus, kawawang biktima ng komersiyalismo- ang balita ay agad nakarating sa buong organisasyon ng mga anarkista, tinututulan ang nao mang uri ng pamahalaan. Agad nagpatawag ng malaking pagpupulong-pulong, mainit ang naging talakayan, nagbabaga ang mga emosyong binulag ng balita, mga mata nila ay nagdidilim sa galit, sobra-sobrang galit, umaapaw ang init ng galit, hanggang nauwi ang lahat sa malawakang protesta, sabay-sabay nagsi-tayuan, ang manipis na hilerang sa gitna ng kinalbong ulo ay nagsitayuan din sa libo-libong boltaheng kidlat ng kanilang galit, sinugod ang parmasya, ang bawat kalyeng nadaanan ay mistulang kalsada sa kapanahunan ng " Bolshevik Revolution" noong 1917 sa bansang Rusya, lalong umiinit ang namuong tension at humantong sa madugong " riot", nakipag- batuhan ng mga matutulis na mga bato ang mga Molotov cocktails laban sa mga kriminal na pulis, nakipag-suntukan sa mga humaharag na mga dati ay may ari ng mga malalaking tindahan at ngayon ay naging mga side-walk vendors, nabangkarote ang mga negosyo dulot ng " Baclaran Chinese Smuggling.

Ang dala nilang malaking karatula ay may radikal na slogan nakasulat, " DEATH TO WTO! ", tila ay nabubulag at napi-pipi sa tunay na sanhi ng agarang pagbulusok ng ekonomiya. Nakipag-barilan ng sumpak sa mga bumabarikadang mangga-gawang nawalan ng trabaho dulot ng pag-baha ng mga mumurahing produktong galing ng bansang Tsina, payapang nai-pasok sa lokal na merkado dahil sa tamis ng korapsyon, pinapaslang ang lokal na mga industriya, ang malaking telong kanilang dala ay pulang-pula sa nagbabagang damdamin ng rebolusyon, punong-puno ng galit ang slogan nakasulat, " DOWN WITH U.S. IMPERIALISM! ", bingi sa mga usap-usapan sa mga pansitan sa Chinatown " Piringan lang ng magandang mukha ng salapi ang mata ng mga opisyal ng gobyerno ay tiyak na makaka-puslit ang mga illegal na produkto." Nakipag-kulaman sa mga nanghahadlang na mga magsasakang nabubulok sa loob ng mga sako ang mga panindang gulay, hindi naibenta dahil ay mas mura ang mga gulay na ipinuslit ng mga walang habag na mga tsinoy mula sa Tsina, isa-isang dinudukot ang bawat butil ng bigas sa bituka ni Juan de la Cruz. Ang dala nilang karikatyr ni " Maria Makiling", sa dibdib ay may nakasulat, " NO TO SEMI-COLONIALISM, NO TO SEMI-FEUDALISM, NO TO BUREAUCRAT CAPITALISM! " nagmumukhang hilog talilog, hindi namamalayang ang pagtataksil ng mga tsinoy sa naghihinalang ekonomiya, lalong pang binabaon hanggang ang lahat ay titirik ang mga mata dahil sa matinding kahirapan, unit-unti nilang kinakadena ang kaluluwa ni " Malakas" sa buntot ng diyos-diyosan nilang dragon. Dumadagundong ang malalakas na mga sigaw, patuloy binabaktas ang makipot na kalsada tungo sa parmasya ngunit ay nabigo sila, bigong-bigo, pumanaw na

pala ang tsinong nagbenta ng " Growth Balls", inatake ng sakit sa puso, pinilit ng kalaguyong " call boy" na lumamon ng limang tabletas ng "Viagra" galing Tsina.

Gianni Pansensoy

My Prison

I couldn't change anymore to satisfy yourself,
I live this life, happy being myself.

You really are done with me,
leaving me frustrated before the sea.

Tonight, I'm totally lost,
shivering under the December's frost.

You've got a heart, harder than a cold stone,
and I'm quivering, frozen, drier than a bone.

My heart over your palm is manipulated,
with the sharpest blade, it is lacerated.

I gave everything, my emotion, they're all wasted.
but the memory of you, within me is forever pasted.

With barrels of beers at the corner of a room,
all alone, broken in tears, waiting for a sonic boom.

your love is a poisonous poison,
i'm starving for it all the time, that's my prison.

Yet everything is gone, gone, and wasted,
my life, love and soul, all of them are wasted.

Gianni Pansensoy

Napoloes

Sinverguenza=Napoloes-Lim=Moro Bandido,
embustera!

Un palabra para describir contigo,
duele pero verdadero,
ladrona del sen de paez hermoso,
como un mojado gomitorio de un chino.

Entero mundo sabe,
tu un mama tambien,
antes duermi,

Tiene te un pulgada de lastima?
Mira con el suffrimiento de jente,
sin camiza y sin calzon,
sin casa tambien.

Enfrente del senadores,
con ojos de un leon,
cerebro muy intellijente,
y peligroso tambien como veneno,
tuya verguenza mas yede compara na un
gusano de canal con sucio,
billiones del pesos ya ruba te,
bolsa bien lleno,
Ahorra!

De tuya alama con cien pecados,
ta esta dentro del bien caliente
infierno de asupre.

Gianni Pansensoy

Natural Desecration

I can choose not to be

part of the environment, but

I belong to it, and if

I will not stay connected with it, then

I am wretched.

everybody can detach from nature, but

everybody just can not escape the truth,

everybody is owned by it, and

everybody is a nature.

Somebody can be apathetic towards it,

somebody can show no compassion for it,

somebody can desecrate and abuse it, and

somebody has to suffer from its wrath in the end.

Gianni Pansensoy

Ngiti

Ngiti sa puso, tangi mong hatid,
nginig sa tuwing ika'y lumalapit, tila'y walang-patid,
ngunit kislap mula sa mga mata ko'y di mo batid,
nguyain sana ng kagandahan mo ang isipan ko hanggang kumitid,
ngangawit pati ang dila at buhay ko'y tumagilid,
ngala-ngala ko'y mag-sisigaw, sa iba'y di makiki-apid.

Hampas ng pag-ibig mo nawa'y hindi magiging usok,
hamon nito'y parang kirod ng karayom ang tusok,
hambingin at timbangin man, pag-ibig at halik ko'y may pusok,
hanging sing-init ng sunog, pagmamahal ay di matutupok,
hanggang ang lahat ng namamagitan sa ati'y walang mabubulok.

Gianni Pansensoy

Ode For Typhoon Yolanda

Yolanda?

You are a stranger,
weaker than our strength,
we are too proud for our scientific breakthroughs,
you are softer than a cotton ball,
more delicate than a tamed sheep,
as passive as the most beautiful nature,
we really thought of you about that,
and we abused you,
deforested, polluted, and raped your royal environment relentlessly,
still you managed to accommodate our bulgar display of shameful disrespect,
no matter what we do,
you just shed tears to appease our insatiable greed.

But our wickedness is fast spreading like contagious disease,
giving you so much pain,
it irked you violently,
the irritation reached the point beyond your capacity of toleration,
you gathered strength,
something has to be done to cure and contain the bacteria of destructiveness
that contaminated the humanity.

Time has come,
you stood up and cried no more,
the tears in your eyes turned into unthinkable anger,
unleashing the wrath beyond human imagination,
the strength of the wind you brought,
blew us like little match sticks,
our coconut plantations totally uprooted,
devastated our homes,
the havoc that you wrought were more powerful than our nuclear inventions,
it destroyed our aspirations,
everything around us turned into a terrifying nightmare,
even our strongest technological materials turned into pieces of garbages,
they could not even stand against your prowess,
the height of the tidal waves you brought,
swept us into the sea like dusts,
flattened our communities into primordial dump site,
you wiped our cities and homes out,

along with our dreams,
washed our modern structures out like pieces of torn papers,
even our scientific inventions could not stop your rage.

Yolanda?

Pretending to be weaker,
who dine and sleep with us,
actually a mass murderer,
just looking for the right time to kill us all,
and leaving thousand of dead souls litter the streets.

But,

Yolanda,

you are a respectable teacher,
the lesson you taught,
though very painful,
yet worth learning from it,
we realize that we are just humans,
abusive humans whose capacity is nothing compared with the magnitude of your
strength,
